# *PAGSISIKAP NA GUMAWA NG PAGLILINGKOD SA DIYOS NANG WALA SA KALOOBAN NG DIYOS*

Manatili tayong nakatayo ngayon pansumandali habang tayo'y mananalangin. Iyuko natin ang ating mga ulo.

Panginoon, masaya kami ngayong umaga na makabalik sa bahay ng Diyos, sa panibagong gawain. At idinadalangin namin, Diyos, na itutuwid Mo kami ngayong umaga sa lahat ng aming mga pagkakamali. Ipakita Mo po sa amin ang landas na Iyong itinakda na dapat naming lakaran. At bigyan kami ng Iyong biyaya at pagmamahal, para masunod namin ang mga landas at mga tagubilin na 'yun nang buong puso namin, para kami'y matagpuan, sa araw na 'yun, kay Cristo, na walang kapintasan, dahil naniniwala kami, Panginoon, na malapit na ang Kanyang pagpapakita.

2 Nakikita namin ang lahat ng mga tanda na sinabi Niyang magaganap bago ang Kanyang Pagdating, na natutupad na ngayon. At may kagalakan na hinihintay namin ang sandaling 'yun. Kung papaanong hinintay ni Abraham noong unang panahon ang ipinangakong anak, at pagkakita na bumaba sa lupa ang mga huling tanda na 'yun ng Diyos, hayan nga na nabatid niyang hindi na magtatagal hanggang sa dumating ang anak. At nakikita namin itong nauulit muli. Sinabi sa amin ni Jesus na, "Kapag nagsimula nang mangyari ang mga bagay na ito," ay tumingala kami, na ang aming—aming katubusan ay malapit na, "kabalisahan sa panahon, sigalot sa pagitan ng mga bansa, lindol sa iba't ibang dako, umuugong ang dagat, nanlulupaypay ang mga tao dahil sa takot."

3 Napagtatanto namin na naroon na kami sa oras na 'yun, kung kailan di magkandaugaga ang mga bansa kung ano ang gagawin. Isa na namang digmaan ang parating, tila ba. Magiging isang kakila-kilabot na bagay 'yun! Nagbibitak-bitak ang lupa, sinasabi ng mga siyentipiko na isang kakila-kilabot na bagay ang napipinto. Nakikita namin ang Biblia na nagsasaysay tungkol dito. Kaya naman, Panginoon, tulungan Mo po kami ngayon na tumayo sa bahay na ito ng pagtutuwid, at tumalima sa utos mula sa aming Diyos, na umusad sa oras na ito ng kadiliman, para magsabog ng Liwanag, dahil maaaring ito na ang huling pagkakataon na magagawa namin ito. Sapagkat hinihiling namin ito sa Pangalan ni Jesus at alang-alang sa

Kanya. Amen.

Makakaupo na kayo.

4 Tunay na itinuturing ko ito na isang dakilang pribilehiyo, na makadako rito sa tabernakulo ngayong umaga. At pasensya na po kung wala na kaming bakanteng mauupuan, sa silid, para sa inyo. At punung-puno po tayo, at marami ang nakatayo at nasa labas.

Kayo po na nasa labas ngayon, mapapakinggan n'yo ito sa inyong radyo. Nakalimutan ko lang 'yung. . . [May isa na nagsasabi, "Singkuwenta'y singko hanggang singkuwenta'y siyete."—Pat.] Singkuwenta'y singko hanggang singkuwenta'y siyete. Kayo po na nasa labas, at diyan sa mga paradahan ng sasakyan, at sa mga lansangan, mapapakinggan n'yo po ito sa inyong radyo, sa pagitan ng singkuwenta'y singko at singkuwenta'y siyete sa pihitan ng radyo n'yo. Hayan po na sinubukan namin. . .

5 Pabalik po ako, o, papunta pala rito, para subukang magdaos ng mga sampung-araw na pagtitipon, para makapangusap ukol sa paksa na *Ang Pitong Huling Mangkok*. Dahil, sa pagitan ng mga Mangkok na 'yun ay 'yung mga Trumpeta. At nababanggit ko sa inyo sa. . . kapag mangangaral ako tungkol sa Pitong Tumpeta, ay isasama ko ang mga 'yun sa Mga Mangkok at sa Mga Salot. At naisip kong magiging maluwalhating panahon ito. Kababalik ko lang galing ng Aprika, at—at hindi pa nakapagbabakasyon ang mga bata.

Ang maliit kong anak, si Joseph, ay—ay medyo. . . kailangan niya ng ilang linggo para matuto pang magbasa. Pumasa naman siya, oo, pero hindi pa siya umaabot sa pamantayan. Kaya pinaiwan namin siya sa Tucson, hayan po, habang nasa Aprika ako, at pinagpatuloy niya ang pag-aaral magbasa at para makahabol, sa pagpasok ng dagdag na araw sa paaralan.

At pagkatapos nakabalik na kami. At naisip ko, na habang nagbabakasyon ang mga bata, na magkaroon ako ng munting pagtitipon dito kasama ang mga kapatiran, at ipangaral ang mga paksang ito. Pero pagdating namin dito, napag-alaman namin na di namin marerentahan ang awditoryum ng paaralan.

6 At alam kong hindi kasya sa tabernakulo para makaupo ang mga tao, at mapaging kumportable sana sila na dapat lang naman kapag kanilang. . . kapag tatalakayin ko na ang Mensaheng ito, kaya naman kinailangan namin na—na gumawa ng ibang paghahanda. At sa halip na—na sampung gabi gaya ng plano naming idaos, buweno, ginawa ko itong tigalawang gawain na lang kada Linggo; itong Linggong ito, 'yung kasunod na Linggo, at 'yung kasunod na Linggo nun, dalawang gawain. Mangyari po, haya't di namin inanunsyo 'yung unang plano.

Pero, hayan po, na kung may nakabalita sa inyo na 'yung mga pagtitipon ay sisimulan sa ikadalawampu't walo,

sa awditoryum ng paaralan, kung pahihintulutan ng Diyos, buweno, kung may mga kaibigan kayo at nakakuha na sila ng anumang reserbasyon sa mga motel, kung ako—kung ako po'y—ipapakansela na ito, kita n'yo, dahil po—po sila, hindi kami napagbigyan na marentahan ito. Hindi nila marentahan 'yung—'yung awditoryum ng paaralan.

7 At ngayon gusto ko pong mangusap, sa mga pang-Ebanghelyong gawain lamang sa Linggo ng umaga. At Linggo ng gabi ay gusto kong magkaroon ng pananalangin para sa mga maysakit. At nagtitiwala tayo na kakatagpuin ng Diyos kayo na mga maysakit. Hindi ko alam kung paano kayo aasikasuhin ni Billy; sa palagay ko, mamimigay sila ng mga prayer card, o kung papaano nila gagawin, para mapangasiwaan ang kongregasyon. Pero gagawin namin ang lahat ng makakaya namin para maipanalangin ang bawat isa sa mga susunod na tatlong linggong ito na ilalaan natin sa pagdadaos ng mga gawain, kung ito ang magiging kalooban ng Panginoon.

8 At hayan din na maraming beses na may humihingi ng mga personal na panayam, may gustong makipagkita sa iyo saglit tungkol sa isang bagay o parang ganoon. At atin 'yang. . . Ilan po rito ang gusto ng personal na panayam? Patingin nga ng mga kamay n'yo. Naku! Sino nga namang ayaw? Kaya naman ating. . .

9 Medyo magiging mahirap para maisagawa ang mga ito, kaya isulat n'yo ang inyong kahilingan at ipadala ang mga ito, iabot n'yo kay Billy, pagkatapos maaari kong kunin ang mga 'yan mula roon. At, ngayon, iaanunsyo niya ang tungkol doon, sa palagay ko, 'yung mga prayer card, sa tuwing mamamahagi siya ng mga 'yun.

10 Ilan ba sa mga nagmiministeryo nating kapatid ang narito ngayong umaga? Hindi pa kami nagkaroon ng pagkakataon, sa palagay ko wala pa . . . Nakuha n'yo ba ang pangalan ng alinman sa kanila? Ilang ministro ang narito ngayong umaga, maaari n'yo bang itaas lamang ang inyong mga kamay? O, tumayo. Tingnan natin kung ilang ministro ang nasa kongregasyon ngayong umaga. Buweno, mabuti! Salamat sa Panginoon para sa mga kalalakihang ito. Mayroon sana tayong oras para kilalanin ang bawat isa sa kanila, pero sigurado naman akong nakatagpo n'yo na sila. At tayo . . . Kilala sila ng Diyos sa kanilang paglilingkod, at idinadalangin natin na pagpalain sila ng Diyos nang sagana. At, walang duda, na marami sa kanila ang nagsara ng kanilang mga gawain, para makapunta rito. Si Kapatid na Junior Jackson at, sa palagay ko, si Kapatid na Don Ruddell, at doon nga'y ang pagsasahimpapawid na ito'y nakakaabot sa kanilang mga simbahan. At pagkatapos, ganoon din, sa ibayo ng New York at sa ibang mga lugar sa buong bansa, ito po'y sa pamamagitan ng isang pribadong telepono na nakakaabot sa bawat simbahan ngayong umaga.

11 Natutuwa akong makita si Kapatid na Richard Blair na nakaupo rito. Kababasa ko lang ng isang liham tungkol sa isang dakilang bagay na ginawa ng Diyos sa gitna ng mga tao roon. Noong isang araw, sa pagkakaunawa ko. . . maaaring mali ako, Kapatid na Blair; kung ako nga, itama mo lang ako. Nagtratrabaho siya, tinutulungan niya ang isang lalaki na kabitan ng kable ang isang trailer o parang ganoon, sa paniwala ko. Nabasa ko ’yung liham. At may sinaliwa sila roon, at, ang nangyari, dumaloy ’yung kuryente sa isang tubig kung saan may maliit na batang lalaki roon, isa. . . ’yung—’yung lalaki na may-ari nung trailer, anak niya ito, batang musmos pa lang, at namatay dahil dun ’yung munting bata. Haya’t lumobo ang tiyan niya. Alam naman natin kapag nakuryente, hayan nga, kapag may mamamatay, ganoon ang nangyayari. Nagsara ’yung maliliit na mata; nagdikit ang mga ngipin niya.

12 Nabahala nang husto ang mga kapatid. Sinabi ni Kapatid na Blair na naisip niyang kontakin ako, para ipanalangin ’yung bata, pero naalala niya na, “Saanman nagkakatipon ang dalawa o tatlo sa Aking Pangalan, naroon Ako sa gitna nila.” At ’yung daliri nung tatay ay nakayas dahil sa pagpupumilit niyang maikalang ’yung mga daliri niya sa bibig nung munting bata, para maibuka ito. At lumuhod sila’t nagsimulang ipanalangin ’yung munting bata, at nabuhay muli ang bata.

13 Totoo ba ’yun, Kapatid na Blair? Isa sa mga tapat nating kapatid dito. Oh, narito pala ang munting bata. Buweno, salamat sa Panginoon. Mainam ’yan. Nais naming tumayo ka, iho. Ngayon, nagpapasalamat tayo sa minamahal na Panginoon para rito. Yan ba ang tatay nung munting bata? Ikaw ’yung tatay? Tama. At nandito si Kapatid na Richard Blair. May kakayahan ang Diyos natin na gawin ang anumang bagay. Siyanga, po. Ipinangako Niya ito. Nabubuhay tayo sa Makalangit na Presensya ng dakila’t, maluwalhating, Ama sa Langit. At ang lahat ng bagay na ating. . . ay posible kung atin lamang masasampalatayanan ito.

14 Nakikita n’yo na kung ano ang nagagawa nun, kung ano ang naging kapakinabangan para sa buhay ng lalaking ’yun na sampalatayanan ’yun? Naligtas ang kanyang munting anak. Ngayon, may mga tapat na lingkod ng Diyos na naroon, para . . . si Kapatid na Blair at iba pa, para ipanalangin ang munting bata noong nasa ganoon siyang kalagayan. Oo, kapag may nangyayaring anuman, tandaan n’yo, kayo’y mga anak ng buhay na Diyos.

“Saanman nagkakatipon ang dalawa o higit pa sa Aking Pangalan, naroon Ako.” At hayan din na nasusulat, “Siya’y handang saklolo sa panahon ng kabagabagan.” At kung mayroon mang kabagabagan, ay ’yung pagkahandusay nung munting batang ’yun, patay na, sa lapag, dahil sa kuryenteng dumaan sa katawan niya. Kaya nagpapasalamat tayo sa Diyos sa umagang

ito, nang buong puso natin, dahil sa mga—dahil sa mga bagay na ito na ginawa Niya para sa atin.

15 Pagpalain ng Diyos ang mga tapat na lalaking ito, rin naman. Sa panahon ng kagipitan ay 'yun nga ang oras para tumingin sa Diyos. At tumingin sa Kanya, at makipagkaibigan sa Kanya bago dumating ang kagipitan. Alam natin 'yan. Kung mayroon tayong kaluguran sa Diyos, mahihiling natin sa Kanya ang kahit ano, katulad sa sinumang kaibigan n'yo, at Siya'y handang saklolo sa panahon ng kabagabagan.

16 Nakasalubong ko sa kalye, kahapon, ang kapatid na babae ni Kapatid na John Martin. Ako'y . . . May nagpahinto sa akin doon sa kalsada, at may dumaan po't kumaway. Kapag umuuwi ka nga, alam n'yo, nakikita mo ang mga tao sa lahat ng dako, na humihinto't nakikipagkamay, at kung ano pa. At ang ginang na ito, natatandaan ko na tinawagan nila ako kamakailan, kung saan may bumangga sa kanya sa likuran, sa isang kotse, nagkabali-bali ang kanyang gulugod at buong taas-hanggang-baba mismo. Mapaparalisa na sana siya sa natitirang bahagi ng buhay niya. Pero nakaupo siya sa pagtitipon ngayong umaga, na tinatamasa ang Presensya ng Diyos. Kausap ko lang siya sa silid. Gusto kong samahan siya sa pananalangin, uli. At siya'y . . . Narito siya sa isang dako. Sa palagay ko hindi na siya makabalik dito sa loob.

Pero, dito, hayan nga, nakaupo siya rito kasama natin. Siyanga. Maaari ka bang tumayo pansumandali, kapatid, para ang mga tao . . . Narito ang isang ginang na sinabi ng doktor, ilang araw na ang nakararaan, na hindi na raw siya kailanman makakalakad, bali-bali ang gulugod at lahat na, dahil sa isang banggaan—banggaan. At hayan siya't nakatayo, buong-buo.

Alam n'yo, sinabi ng Biblia, "Wala silang masabi laban dito, dahil nakatayo ang naturang lalaki mismo sa kanilang kalagitnaan." Siyanga. Heto 'yung munting batang lalaki na muling binuhay mula sa mga patay, at heto ang isang babae na nagkabali-bali ang gulugod, na nakatayo sa kalagitnaan natin. Kailan lang ito nangyari, kaya Siya'y siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. Purihin ang Pangalan ng Panginoon! Napakasaya dapat natin na nabubuhay tayo ngayon sa Kanyang Presensya, at nalalaman na Siya itong handang saklolo sa panahon ng kabagabagan.

Natutuwa akong makita si Kapatid na Vayle, si Kapatid na Martin, napakarami po ang narito ngayong umaga. Pagpalain kayo ng Panginoon mga kapatid, nang sagana. Ngayon dito . . .

17 Alam kong hindi gaanong presko rito, dahil sa dami ng mga tao, pero ganoon pa man, noong lumuwas ako ng Tucson noong isang araw, halos sandaan at apat o lima ang temperatura. At nang maghahating-gabi na, siyamnapu't tatlo, kaya medyo kumportable ito sa akin. At doon sa Parker ang sabi nila'y

sandaan at apatnapu raw ang temperatura, noong Biyernes bago kami umalis. At mantakin n'yo kung gaanong kainit 'yun. Siyempre't, dahil sa disyerto 'yun.

18 At, ngayon, itong magkakasunod na tatlong Linggo. Ngayong araw, ang ikalabinlima, sa palagay ko, tama ba, o ikalabing-anim; ikalabinlima, nga ba? Ikalabing-walo, at sa ikadalawampu't walo, at sa a-uno ng Agosto, (tama ba?) Agosto. Sa ikadalawampu't lima . . . Sa ikalabing-walo, ikadalawampu't lima, at a-uno, magkakaroon ng mga gawain sa tabernakulo. Huwag n'yong, alam n'yo, gaanong ipamamalita ito, dahil, kita n'yo, hindi na natin mapagkasya ang mga nasa loob, ang mga narito ngayon, sa loob, alam n'yo, at baka lalong magsiksikan. Bumalik na lamang kayo kung magagawa n'yo.

19 At tapos narito ako para tipunin ang mga katiwala. Medyo nalulungkot ako dahil hindi ako napapayagan dun sa lugar na pagdadausan sana natin ng pagtitipon, yamang napangungunahan akong gawin ito. Kaya sa tingin ko hihilingin ko kung di kaya mas mainam na ilabas na lang natin 'yung tolda natin at—at itayo ito, at doon magkakaroon ng gawain, alam n'yo. Itayo 'yun dito sa palaruan ng beysbol, o puwede rin naman doon sa bukid, at ilipat-lipat na lang ito ng lugar, kung paano mismo ang pangunguna ng Panginoon. At nararamdaman kong 'yun ang gagawin Niya. Alam n'yo, may pangitain ukol diyan. At sa tingin ko na baka 'yan ang dahilan kung bakit nangyayari ito . . . Ngayon, alam n'yo, madalas na naiisip natin na nakakayamot dahil may ganitong mga bagay-bagay na nangyayari, pero, alam n'yo, maaaring 'yun ang Diyos, kita n'yo, na itinutulak ka sa mga bagay na ito. Kapag, sinabi Niya ito, gagawin Niya ito.

20 Ilang gabi na ang nakalilipas, marami sa inyo, nang halos isang buwan na lang bago pumunta sa Aprika, marami sa inyo marahil ang mayroon na nung teyp na 'yun, kayo na mga nakakuha na nung mga teyp, tungkol sa, *Pagpili Ng Isang Nobya*, na ipinangaral sa California. Yung huling ilang minuto ng teyp na 'yun, hindi ko maalala 'yung pagkakatayo ko roon. Pero dumating nga ang Espiritu ng Panginoon sa napakadakilang paraan. Kinokondena ko sila sa paraan ng pamumuhay nila't ginagawa, at matapos na maipangaral ang Ebanghelyo at labis na inihayag 'yun sa harap nila. Pagkatapos, bigla na lang, nagsalita ang Espiritu Santo at nagsabi, "Capernaum," kita n'yo, "ang bayan na tinatawag n'yo ang iyong sarili sa pangalan ng mga anghel," ang Los Angeles 'yun, "itinaas ka sa Langit, pero ibababa ka sa impyerno." Kita n'yo? At noong matapos na ito, aba, nasa labas na ako, at kasama ko sina Kapatid na Mosley at Billy. At sabi nila . . . Noong makabalik ako't tumingin, hayan nga na ang buong dako'y punung-puno ng mga tao na nakaluhod, humihikbi ang mga ministro.

21 At pumunta ako't kinuha ang Kasulatan. Sabi ko, "May bagay talaga sa Biblia na tungkol dun."

At 'yun 'yung sinasaway ni Jesus noon ang Capernaum, lahat ng mga bayan sa baybay-dagat na maaari Niyang dalawin. Haya't, sinabi Niya, "Capernaum, itinaas ka sa Langit, ibababa ka sa impyerno." Sinabi Niya, "Sapagkat kung ang mga gawa ay ginawa sa Sodoma at Gomorra na ginagawa sa inyo, nakatayo pa sana ito ngayon." At noong panahong 'yun, ang Sodoma't Gomorra'y nasa ilalim na ng dagat.

At pagkatapos lamang nun, marahil sandaang taon o kung ilan, pagkatapos ng propesiya ni Jesus, ang Capernaum, ang nag-iisang bayan sa tabi ng dagat na dinalaw Niya, pinalubog ito sa dagat ng isang lindol. At alam n'yo na 'yun ay isang direktang pukol sa California, sa Los Angeles.

22 At hayan nga na sa Tucson noong isang araw, pagkabalik ko, isang malakas na lindol ang nangyari dun. At nasa telebisyon 'yung mga siyentipiko na binabalangkas ito. Nasa mga diyaryo ito. Na, ang lupa, noong isang araw, ay nabitak mula sa mga Isla ng Aleutian, o mula Alaska, paikot ng mga Isla ng Aleutian, mga dalawang-daang milya sa laot, na umabot sa San Diego, inikutan ang Los Angeles, at umabot sa San Diego. At nabitak nang ilang pulgada. Gumuho ang mga bahay. Bumagsak ang mga motel.

At 'yung mga siyentipiko sa lupon na 'yun ay—ay tinanong. Sabi, "Buweno, maaari po bang bumagsak 'yun isa sa mga araw na ito?"

23 Sabi, "Maaari? Mangyayari mismo!" At gumamit siya ng mga siyentipikong termino kung papaanong 'yung kumukulong putik ay . . . Yun ang nagiging sanhi ng mga lindol noon pa man, sa palibot ng San Diego at sa ibaba roon. May hungkag na dako sa lugar na 'yun. At ngayon ang lahat ng 'yun ay nagsisimula nang lumubog, na parang buhangin na gumuguho paloob, at ngayon ay pang-ibabaw na lang ang natitira. At nabitak 'yun, nang ilang pulgada. Kung magdadala sila roon ng radar at mga instrumento, at tutugaygayin ang bitak na 'yun, at mamarkahan ito, titingnan kung saan ito.

Haya't nabitak ito, nang ilang mga pulgada pa, marahil dalawa o tatlong pulgada noong isang araw, uli, matapos na masabi ang propesiya na 'yun.

At 'yung mga kumakapanayam sa mga siyentipiko, ang sabi, "Buweno, siguro nama'y hindi ito mangyayari sa panahon natin."

24 Sabi ng siyentipiko, "Maaaring sa loob ng limang minuto o sa loob ng limang taon; anupa't guguho at guguho ito."

25 Si Gng. Simpson, sa tingin ko hindi natin siya kasama ngayon. O, nakikita ko si Kapatid na Fred na nakaupo rito, pero di ko alam kung nasaan si Gng. Simpson. Nagawa nga niya't

naisulat 'yung propesiya na nasabi ko noon, noong mga 1935 o parang ganoon, at ang sabi dun, "Darating ang panahon," nakasulat ito sa isang aklat sa kung saan, "na lalamunin ng dagat ang disyerto."

Tingnan n'yo kung ano mismo ang mangyayari. Kung ang libo-libong milya kuwadrado na 'yun ay gumuho sa kumukulong putik ng lupa, at lumubog paloob, milyun-milyon ang mamamatay nang sabay-sabay. At magdudulot 'yun ng dambuhalang alon! Tandaan n'yo, aabot hanggang sa Dagat ng Salton, 'yun nga'y sandaan o dalawang-daang talampakan na mas mababa kaysa sa lebel ng dagat. Yung tubig na 'yun ay malamang aabot halos sa Tucson, dahil sa ganoong kalaking alon na dadagsa roon. "At lalamunin ng dagat ang disyerto."

> Mga bansa'y nagkakasira, Israel ay nagigising,
> Mga tanda na inihula ng mga propeta;
> Mga araw ng Gentil ay bilang na, punung-puno ng pagkabalisa;
> "Magbalik na, Oh mga nangalat, magbalik na."

26 Nasa huling panahon na tayo. Ngayon, pagpalain kayo ng Panginoon nang sagana. Kapag nauumpisahan ko nga 'yan haya't nakakalimutan ko ang oras. Mabilis tayong maglalaho, lubhang mabilis, tungo sa Walang Hanggan, paano't paano man.

27 At ngayon sa San Marcos, sa ika-7 kabanata at sa ika-7 talata, para maglagay ng teksto sa paksang ito na kababasa lang sa Unang Cronica 13. Para humugot ng teksto para rito, gusto kong basahin ang Marcos 7:7.

> . . .*walang kabuluhan ang pagsamba nila sa akin, na nagtuturo ng kanilang* pinakaaral *ng mga utos ng mga tao.*

28 Ngayon, wala akong ibang alam kundi ang Mensaheng ibinigay sa akin ng Panginoon, at 'yun lang ang kaya kong ipangusap. At ngayon, magsasalita ako sa isang paksa ngayong umaga na sa tingin ko'y magiging maganda. At mamayang gabi ay gusto kong mangusap tungkol sa, "karne sa takdang panahon," kung loloobin ng Panginoon: *Espirituwal Na Pagkain Sa Takdang Panahon*, at kung papaano ito tatanggapin. Ngayon, sa umagang ito: *Pagsisikap Na Gumawa Ng Paglilingkod Sa Diyos Nang Wala Sa Kalooban ng Diyos.*

29 Ang Diyos ay makapangyarihan sa lahat. At makikita natin dito kung ano ang ginawa ni David, sa pagbasa sa Kasulatan sa Unang Cronica 13. At siya'y. . .Mabuti ang kanyang intensyon. Pero hindi tayo binibigyan ng Diyos ng gantimpala batay sa mabubuting intensyon. May isang paraan lamang para mapaglingkuran ang Diyos, 'yun ay sa pamamagitan ng paggawa sa kalooban Niya at sa utos Niya. At ang Diyos, dahil sa nangingibabaw na kapangyarihan, walang makapagsasabi sa Kanya kung ano ang dapat gawin o papaano ito gagawin.

Ginagawa Niya ito sa paraan, na alam Niya ang tamang paraan ng paggawa nito. At malugod na pakiramdam ang hatid nun sa akin. At marapat lang na malugod na pakiramdam ang hatid nun sa ating lahat, at sigurado naman akong ganoon. Dahil, gusto ng isa na Ito'y sa *ganitong* paraan, at 'yung isa nama'y gusto Ito sa *ganoong* paraan, at 'yung isa sa ibang paraan.

30 Pero isang dakilang bagay, nga, tungkol sa Diyos, ay hindi Niya tayo iniwan, ngayon, nang walang kabatiran kung ano ang Katotohanan at kung papaano ito gagawin. Hindi Siya magiging makatarungan, kung paparusahan tayo sa paggawa ng isang bagay na hindi naman natin alam kung paano ang gagawin dun, at pagkatapos hahayaan lang tayo na madapa sa isang bagay. Hindi Siya ganoong klase ng Diyos. Siya'y Diyos na binibigkas ang Salita at inaasahang sasampalatayanan Ito ng Kanyang mga anak. At, kaya naman, alam Niya kung ano ang pinakamabuti, at kung kailan ito gagawin, at kung paano ito gagawin. May mga kaisipan tayo ukol dito, pero alam Niya.

31 At pagkatapos kung bumuo siya ng isang sistema, ukol sa kung anong gagawin Niya, at di sinabi sa atin kung anong mangyayari at kung papaano ito mangyayari, pagkatapos tayo, madadapa dahil dito, mangyari—mangyari nga na mabibigyang-katwiran tayo sa—sa ating mga pagkadapa; o, pagsusumikap ng paggawa ng isang bagay, na ang bawat isa'y mabibigyang-katwiran. Pero may isang paraan lamang, at 'yun ang Kanyang Salita.

32 At isa pang bagay, si David dito, nakikita natin na sa puso niya ay gusto niyang gumawa ng isang bagay na mabuti. Wala siyang masamang motibo, o masamang hangarin. Pero, ang bahay, o ang kaban ng Panginoon, ay malayo noon sa—sa mga tao, at nais niyang maibalik ang kaban ng Diyos sa lugar nito, para sumangguni ang mga tao sa Diyos tungkol sa mga bagay-bagay na asam nila.

33 Sa halip na—na pabayaan na lang ito, tayo. . .Paano kaya kung ang sinabi ni Kapatid na Blair at nung tatay ng munting batang paslit na 'yun, "Buweno, masaklap, nadisgrasya ang bata, namatay. Sa palagay ko, bagay ito na basta na lang nangyari"? Pero dagli-dagli nga silang dumulog sa Diyos.

34 Papaano kung 'yung munting ginang, at 'yung asawa niya, na isang ministro ng Ebanghelyo, ilang gabi ang nakalilipas, o mga araw, noong 'yung munting ginang na nabalian ng gulugod, na tumayo po kanina. . .Sinabi ng doktor, "Mapaparalisa na siya habambuhay." Paano kung sinabi ng asawa't sinabi niya, "Buweno, mahal, aaliwin na lang natin ang ating mga sarili sa kabila nun"? Pero dagli-dagli silang gumawa ng isang bagay ukol dito; dumulog sila sa Diyos. Napakaraming bagay sa Biblia ang maaari nating maisa-isa, tungkol sa kung papaanong kapag nasasadlak ang mga tao sa problema, ay dumudulog sa Diyos!

35 Buweno, noon, sa mga panahong 'yun, mayroon lamang silang isang dakong tagpuan kung saan maaari nilang makatagpo ang Diyos, at 'yun ay sa may kaban, sa ilalim ng dugo. Yun noon ang tanging dakong tagpuan, sa ilalim ng Dugo. Winiwisikan ang luklukan ng awa, para pagkalooban ng awa ang mananamba, o ang humihiling, kapag lumalapit siya para makiusap sa Diyos. At ang Diyos ay may espesyal na pamamaraan, ang paraan na kinakailangan n'yo mismong tahakin, din naman, ukol dun, at hindi Niya tatanggapin ang anumang iba pa. Hindi Niya tatanggapin ang anumang iba pang panustos; 'yung paraan lang na itinakda Niya para rito.

36 Kamakailan ay kapapangaral ko lang ng isang Mensahe, alam Ito ng marami sa inyo, na, may isa lamang inilaang dako kung saan kinakatagpo ng Diyos ang mananamba, 'yun 'yung dako na sinabi Niya, "Ilalagay Ko ang Aking Pangalan." Kung makakatagpo tayo ng iglesya na pinaglagyan Niya ng Kanyang Pangalan, kung ganoon ay nahanap natin ang dako. Sinabi Niya, "Hindi Ko kayo pagpapalain sa lahat ng pintuan; sa pintuan lamang na paglalagyan Ko ng Aking Pangalan. Ilalagay Ko ito sa isang dako, at kinakailangan ninyo Akong katagpuin doon; at 'yun ang tanging dako na katatagpuin Ko kayo." At nalaman natin, sa pamamagitan nun, kung saan Niya inilagay ang Kanyang Pangalan, at 'yun ang tanging dako na kinakatagpo Niya ang mananamba. At ang Kanyang Pangalan ay Jesus Cristo. Ang Pangalan ng Diyos ay Jesus Cristo.

37 Sinabi ni Jesus, "Naparito Ako sa Pangalan ng Aking Ama." Ang bawat anak ay naparito sa pangalan ng kanyang ama. At dumating Siya sa Pangalan ng Ama.

"At walang ibang Pangalan sa silong ng Langit na ibinigay sa mga tao," sa mga tinatawag man na Methodist, Baptist, Presbyterian, church of Christ, sa sari-sari man na pinangalanan. Sa nag-iisang dakong tagpuan lang kinakatagpo ng Diyos ang tao, at 'yun ay kapag nakay Jesus Cristo siya, ang tanging dako. At lahat ng mga dating bagay na ito rito sa ilalim ng Lumang Tipan, ay tumitipo roon. Nais kong maunawaan n'yo ito nang malinaw. Ngayon, aralin po ito para sa Sunday school. Mayroon akong ilang Kasulatan at mga tala na nailista rito. Naisip ko na matutulungan kayo nito na makaunawa, dahil ang lahat ng mga naunang bagay ay naganap para maging halimbawa sa atin.

38 Ngayon, nakita natin na may paraan ang Diyos sa paggawa ng mga bagay-bagay. Pero si David, yamang pinagpala ng Diyos, gaya ng nangyari sa kanya, na haya't naging hari, pumasok lang sa isip niya na gumawa ng isang bagay para sa Diyos, sa kung paano mang paraan. At hindi nga lang niya ito nagawa sa tamang paraan.

39 Mapapansin natin, inihahayag ng Diyos ang Kanyang Salita

sa Kanyang Sariling itinakdang panahon. Ngayon, papaano malalaman ni Martin Luther ang tungkol sa Mensahe sa panahong ito? Papaano malalaman ng mga Presbyterian? Papaano si Martin...o malalaman ng iglesyang Katoliko ang mensahe ni Martin Luther? Papaano malalaman ni John Wesley ang mensahe ni Luther? Papaano malalaman ni Wesley ang mensahe ng Pentecostal? O papaano malalaman ng mga Pentecostal ang Mensaheng ito? Kita n'yo? Inihahayag Niya Ito sa Kanyang mga kapanahunan, dahil isa Itong Binhi. At habang lumalaki Ito at lumalago, inihahayag Niya ang Kanyang Sarili.

40 Tulad ng init ng araw, para magpasibol. Kapag nananariwa pa ito at mura pa, na pinapatubo ito mula sa lupa, 'yung binhi; pagkatapos magkakadahon, sa panibagong yugto ng araw. Papatayin ito ng mainit na araw kung ito'y binhi ng paghinog... o panahon ng paghinog. Kaya, kinokontrol Niya ang araw at kinokontrol Niya ang kalikasan, para matugunan ang Kanyang Salita.

Kinokontrol Niya ang Iglesya, ang mga predestinado, ang Nobya, para umangkop sa kapanahunan na kanilang kinabubuhayan.

41 Maging ang kalikasan ngayon ay nakapagsasabi, habang nakikita natin ang mga bansa na nagkakasira, lumulubog ang lupa, ang sulat-kamay ay nasa dingding na. Nakikita natin ang iglesya at ang kalagayan nito.

Nakikita natin ang Nobya at ang kalagayan Niya. At nalalaman natin, sa pamamagitan ng kalikasan, na naghahanda nang umalis ang Iglesya. Grabeng maluwalhating panahon! Ito 'yung panahon na inasam na makita ng lahat ng mga propeta, ang oras na ito.

42 Ngayon, inihahayag lamang Niya ang Kanyang Salita sa kapanahunan Nito. Binasa ni Martin Luther ang parehong Biblia na binabasa natin. Binasa ni Wesley ang parehong Biblia na binasa ni Martin Luther. Binasa ng mga Pentecostal ang parehong Biblia na binasa natin. Binasa ni Jesus ang parehong Biblia na binasa ng mga Fariseo, pero sila...Dahil pinagpipilitan nilang panatilihin ang mais sa maagang yugto nito, gayong papahinog na ang mais, kaya bigo sila na makita ang kanilang oras.

Ngayon ganoon na ganoon ang nagawa rito ni David.

43 Inihahayag ng Diyos ang Kanyang Salita nang napapanahon, at kung sino ang pinipili Niya na pagpahayagan Nito. Pinipili ng Diyos kung sino ang pagpapahayagan Niya Nito. Pinili na Niya 'yun bago pa man naitatag ang sanlibutan. Lahat mismo ng mga ginagawa Niya ay paunang nalalaman na Niya bago pa, na itinago sa tao. Inihahayag lamang Niya ang mga ito ayon sa kalooban Niya. Siya ang pumili ng kapanahunan, Siya ang pumili ng tao. At hindi Siya kailanman

pumili ng partido o sekta; kundi piniling tao, ganoon ang pamamaraan Niya.

44 Sino ang mangangahas na ituwid Siya, at magsasabing, "Ngayon, Panginoon, nagkamali Ka sa paglalagay sa taong *ito* sa pagmiministeryo. Hindi naniniwala ang taong *ito* na katulad ng paniniwala namin"? Sino ang magsasabi sa Diyos na mali Siya rito? Mangangailangan ng isang tao na medyo mas delingkuwente kaysa sa akin, para masabi 'yun sa Kanya. Alam Niya kung ano ang ginagawa Niya. Alam niya kung sino ang pipiliin at kung sino ang hindi pipiliin, kung ano ang gagawin at kung kailan ito gagawin. Kahit gaano man sa tingin natin na kuwalipikado ang isang tao para gampanan ang isang partikular na trabaho, alam ng Diyos kung sino ang kuwalipikado para sa oras at sa kapanahunan, o ang oras at ang tamang oras para gawin ito.

45 At ang totoo't, tunay na Cristiano; ang totoo't, tunay na nananampalataya sa Diyos, ay naghihintay sa Panginoon para sa mga bagay na ito. Hintayin n'yo ang inyong pagmiministeryo. Kung nakakaramdam kayo ng pagkatawag, tiyakin n'yong ang Diyos ito. Tiyakin n'yong tama ito. Tiyakin n'yo na napapanahon ito sa kung anong sinasaysay n'yo. Sinabi ng Biblia, "Silang naghihintay sa Panginoon ay magpapanibagong lakas. Sila'y paiilanlang na may mga pakpak na parang mga agila. Sila'y tatakbo at hindi mapapagod. Kung sila'y lalakad, hindi sila manghihina."

46 Pansinin n'yo si David, hari ng Israel, na sadyang pinahiran. Ibinuhos ni Samuel ang langis sa kanya, at pinili siya ng Diyos, para maging hari ng Israel. At nagkaroon si David ng ganitong kapahayagan, na dalhin 'yung kaban ng Panginoon doon sa bayan ni David. Ngayon, walang anumang mali, pero, kita n'yo, mali ang paggawa ni David ukol dun.

47 Ngayon, mistula bang kung magkaroon ng ganoong kapahayagan ang isang tao na gaya nun, na isang dakilang tao na gaya ng piniling hari ng Diyos, ang pinakadakilang hari na nabuhay kailanman sa lupa, maliban kay Cristo, sa palagay ko, ay si David, dahil si Cristo'y isang Anak ni David. Ngayon, ang pinakadakilang tao, na kapapahid lang sa kanya't, buhat sa mismong Presensya ng Diyos, ay nagkaroon ng kapahayagan na gumawa ng isang bagay para sa Diyos, at gustong gawin 'yun para sa Diyos; pero mali 'yung kapahayagan. Ngayon, isang malaking usapin 'yan. May kinalaman 'yan sa ating paksa: *Pagsisikap Na Gumawa Ng Paglilingkod Sa Diyos Nang Hindi Tinawag Upang Gawin Ito*.

48 Pansinin, nagkaroon si David ng kapahayagan. At pansinin n'yo, hindi ang propeta, na si Natan, ang nagkaroon ng kapahayagan. Si David, na hari, ang nagkaroon ng kapahayagan. Hindi rin sumangguni kay Natan patungkol

dito. Hindi niya tinanong si Natan. Pero nakita n'yo ba rito, sa Unang Cronica, ang sinangguni niya ay 'yung mga kapitan ng libo-libo, at mga kapitan ng daan-daan? Hindi niya sinangguni si Natan. Sinangguni niya ang mga tao, at sinangguni rin niya ang mga saserdote't mga teologo ng panahong 'yun, ang mga eskriba't mga teologo. Sumangguni unang-una si David, sabi, "Kung ito, ito, ay sa Diyos, humayo tayo at dalhin ang kaban ng tipan ng ating Diyos, papasok sa bayan, at sumangguni tayo sa Diyos bago tayo gumawa ng mga bagay-bagay."

49 Pero ang sabi, noong kapanahunan ni Saul, "Huminto na sila sa pagsangguni sa Diyos, sa pamamagitan ng—ng—ng kaban, ng Urim, Urim Thummim. Huminto na sila sa paggawa nun."

Sabi ni David, "Ngayon manumbalik tayo sa Diyos, lahat tayo! Bumalik tayo sa bagay na tama. Humayo tayo at kunin natin ang kaban at dalhin dito, dalhin dito ang Presensya ng Diyos," sa ibang salita, "ipapasok ng bayan. Magdaos tayo ng isang rebaybal. Papanumbalikin natin ang bayan." At nagkaroon siya ng kapahayagan, na tila mabuti naman, pero hindi 'yun ang kalooban ng Diyos.

50 Sa halip na sumangguni sa pinakadaluyan na dapat sana 'yun ang pinagtanungan niya, sinangguni niya ang kanyang mga kapitan, dahil kauupo lang niya noon bilang hari. At tinugaygay niya ang linya na 'yun ng pag-iisip, na, ang kanyang mga punong kapitan at magigiting niyang tauhan.

51 Saka siya pumunta sa iglesyang nominal at tinanong kung maaari ba silang magkaroon ng rebaybal. Ang mga saserdote, ang mga eskriba, ang mga kapitan ng libo-libo, ang mga kapitan ng daan-daan, haya't sumangguni siya sa kanila. "Ito ba ang kalooban ng Panginoon?" At sumagot naman sila na kalooban daw. Pero, nakita n'yo, nakaligtaan niyang tanungin ang pangunahing daluyan na doon sa tuwina nakikipag-ugnay ang Diyos. Kita n'yo, bigo siya na makuha 'yun.

52 Ngayon mabuti ang kanyang intensyon. At mabuti ang motibo niya. Mabuti ang layunin niya, na haya't makapagdala ng isang rebaybal sa bayan, papanumbalikin ang bayan sa Diyos, pero hindi siya sumangguni sa paraan na sinabi ng Diyos sa kanya na gawin ito, kita n'yo, kahit pa sumang-ayon ang buong bayan, at ang mga saserdote na haya't tama raw ang hari: Kailangan daw nilang maibalik ang kaban sa loob ng bayan; ngayon, kailangan nila ang Presensya ng Diyos; kailangan daw nila ng isang rebaybal.

53 Pero, hindi ipinangako ng Diyos na ihahayag ang Kanyang Salita, sa panahon Nito, sa mga tao. Hindi Niya ipinangakong ihahayag Ito sa hari, sa panahon na 'yun. Hindi nagbabago ang Diyos, maski katiting. Hindi Niya ipinangakong gagawin 'yun.

54 Kahit gaano pang kasinsero, at gaanong kabuti ng mga motibo, at gaanong kabuti ng mga layunin, at gaanong kagusto

ng mga tao ang mga bagay na 'yun at nakikita na kailangan ito, may isang kalooban ang Diyos na dapat maisakatuparan sa mga bagay na ito. Yan ang gusto kong ipagdiinan nang husto, dahil gusto kong patimuin ito para makita n'yo mismo kung—kung tumatahan ang Espiritu ng Diyos sa inyo. At 'yun ang dahilan kung bakit binababaran ko nang matagal. Hindi para aksayahin ang oras n'yo na mga nasa telepono, at nasa hookup, kundi gusto kong—gusto kong makita n'yo ito. Kung sakaling maubusan kayo ng oras, haya't maaari kayong kumuha nung teyp. Na doon . . .

55 Kahit gaano pang kailangan ito, ganoon man ang pagsang-ayon ng lahat na kailangang-kailangan ito, gaano man na 'yun ang Katotohanan, may isa pa mismong bagay na dapat alamin. Yun ba ang kalooban ng Diyos?

Ngayon, hindi kailanman nangako ang Diyos na ihahayag Niya ang Kanyang mga lihim sa Kanyang mga hari, na ihahayag Niya ang Kanyang mga lihim sa Kanyang bayan.

56 Para bang noong panahon ni Micaya, na anak ni Imla. Sa pag-iwan natin, hindi sa teksto, kundi dadako lang tayo sa ibang panahon, para ihatid ito at gawin itong totoo sa inyo, tunay sa inyo, para hindi n'yo ito mapalampas.

57 Mayroon, noong panahon ni Micaya . . . Isa siyang maralita, at nanggaling din siya sa isang maralitang pamilya. Pero, si Ahab, na hari ng Israel, bilang isang bansa na nasa ilalim ng Diyos, nagpatayo siya ng isang eskuwelahan at nagsanay ng mga pili, na siya mismo ang pumili na mga propeta, at may apatnaraan siya sa eskuwelahan na 'yun. At mahuhusay silang lalaki. Hindi sila mga basta-basta propeta lang. Sila'y mga propetang Hebreo, tunay na kalalakihan. At sumasangguni sila sa Panginoon sa pamamagitan ng mga lalaking ito. At sila'y nakakapagpropesiya. Pero, nakita n'yo, noong dumating ang tunay na pagtutuos, ang bawat isa sa kanila'y wala sa Salita at kalooban ng Diyos. [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.]

58 Dahil dumating mula sa Jerusalem si Josaphat para makipagkita kay—kay haring Ahab, at isinuot nila ang kanilang mga kasuotan, at naupo sa labas sa—sa may pintuang-bayan, at dinala ang mga propeta sa harapan nila. Una, sabi ni Ahab, "May isang lugar tayo rito sa Ramot-galaad na kung tutuusin sa atin 'yun talaga." Ngayon, 'yan po'y GANITO ANG SABI NG PANGINOON. Hinati-hati ito ni Josue para sa mga tao at ibinigay 'yun sa kanila, pero inagaw ito ng mga Filisteo.

At sabi, "Heto't kailangan ng ating mga anak ng tinapay, at wala tayong sapat na lupain para mapagtamnan ng gagawing tinapay. At ang kaaway natin, ang mga Filisteo, ay pinapakain ang kanilang mga anak, itong mga paganong ito, kumukuha mula sa mismong lupain na ibinigay sa atin ng Diyos na Jehovah." Napakadiretsahan nun. At ang sabi, "Narito, tayo, ang bayan ng Diyos, heto ang mga anak natin, nangangailangan,

at ang mga kaaway natin ay pinapakain ang mga anak nila sa lupain na tinawag tayo palabas ng Diyos mula sa Egipto at ibinigay ’yun sa atin.” Mapapatayo nga nun ang isang teologo, hindi ba? Sabi niya, “Susulong ba tayo at babawiin ang mga lupain natin na ibinigay sa atin ng Diyos?”

59 Sabi ni Josaphat, “Oo, tutulungan kita. Magkapatid tayo. Nasa Judah ka, at ako naman ang sa—ako ang sa Jerusalem.” O—o, baligtad po yata? Sa tingin ko. . .Hindi, tama po pala. Sa tingin ko si . . .Josaphat.

Mangyari nga, na si Josaphat ay isang mabuting lalaki, isang hari, isang taong matuwid na nagmamahal sa Panginoon. Si Ahab naman ay isang sala-sa-init sala-sa-lamig na mananampalataya. Kaya ipinatawag nila ang mga propeta, at sinabi ni Josaphat, “Makinig kayo, sumangguni tayo sa Panginoon, muna. Dapat nating alamin ang tungkol dito.” Kita n’yo, kung ginawa lang sana ni David ang bagay na ginawa ni Josaphat! Sabi niya, “Hindi ba’t dapat nating gawin ito?”

At agad-agad, bilang isang Israelita, sinabi ni Ahab, “Siyempre naman. Mayroon akong apatnaraang mga Hebreo, na katulad natin, mga propetang Hebreo sa sarili naming organisasyon. At sasangguni ako sa kanila. Mga propeta sila.” Ngayon, nakita n’yo, talagang. . .

60 Sasabihin n’yo, “Natitisod ako riyan, Kapatid na Branham. Isang propeta?” Oh, siyanga. May isa noong panahon ni Jeremias, na ang sabi’y dalawang taon lang daw sila mamamalagi roon. Sinabi ng Panginoon kay Jeremias, “pitumpu.” Nagpatong siya ng pamatok sa kanyang leeg, at binali ’yun nung propetang, si Hananias. Pero alam n’yo kung anong nangyari sa lalaking ’yun. Oh, naku. Kinakailangan n’yong manatili sa Salita.

Haya’t dumating ang mga propetang ito at nagpropesiya, at sinabi, “Sumulong ka! Ang Panginoon ay sumasaiyo.”

61 At ang isa sa kanila, sa tingin ko (nakalimutan ko lang ang pangalan niya) ’yung pinuno, si Zedekias, sa pagkakaalala ko, sabi, naglagay siya ng dalawang sungay na bakal at nagsabi, “GANITO ANG SABI NG PANGINOON. Sa pamamagitan nito,” ngayon sinsero ang lalaking ’yun, “itutulak mo ang mga kaaway mo pabalik sa kanilang mga lupain, at mababawi ang pagmamay-ari ng Diyos. Ibinigay ito sa iyo.” Hindi ako naniniwalang isa siyang ipokrito. Naniniwala akong isa siyang mabuting tao. Naniniwala ako na ganoon silang lahat na mga propeta.

62 Sasabihin n’yo, “Mga propeta?” Oo! Alalahanin n’yo, ’yun mismong tao na sumang-ayon na patayin si Jesus Cristo, ay nagpropesiya, dahil ’yun ang katungkulan niya. Siya ang punong saserdote noong taon na ’yun. At dahil sa katungkulan niya ’yun, at hawak niya ang ganoong katungkulan, dumating ang Espiritu ng Diyos sa kanya. Hindi ibig sabihin nun ay ligtas

siya o anuman. At nagpropesiya siya, si Caifas, dahil 'yung katungkulan niya ang may bunsod nito.

63 At ang mga propetang 'yun, sa pagiging mga propeta, sa katungkulang propeta, sila'y nagsipagpropesiya. At dumating sa kanila ang Espiritu ng Diyos, mga lalaking may mga kaloob ng Espiritu.

64 Napagtatanto ko na siyamnapu't siyam na porsiyento ng mga kausap ko'y mga Pentecostal. Pero ang mga tao madalas, ang isang tao, marahil nakikipag-ugnay ang Diyos sa kanila, binigyan sila ng isang kaloob, at 'yung mga tao'y pipigain ang mga taong 'yun na magbunsod. Kung hindi sila lubusang tinawag at isinugo ng Diyos, nauudyukan lang niya ang lalaki o babaing 'yun na makapagsalita ng isang bagay na hindi kalooban ng Diyos, dahil pinipilit lang sila ng mga tao.

65 Mangyari nga na kinailangan kong ipapansin 'yun sa ating munting pastor dito. Dito sa kakahuyan isang umaga, mga alas tres ng umaga, may nagsabi, "Puntahan mo't sabihin kay Kapatid na Neville!" Pinuntahan kita, hindi ba, Kapatid na Neville?

66 Ang lahat kasi'y, "Kapatid na Neville magpropesiya ka po sa akin. Sabihin mo po 'yung *ganito* o *ganoon* sa akin." Kita n'yo? Mapapasabi n'yo siya ng mga bagay na di naman mangyayari.

"Sila na naghihintay," dapat para malaman kung ano mismo ang nais gawin ng Panginoon. Kita n'yo?

67 Mangyari nga na ang mga lalaking ito'y tumingin dito sa isang natural na pananaw, "Atin ito." Pero, nakita n'yo, hindi nila natagpuan ang Salita at ang kalooban ng Diyos.

68 Pagkatapos dumating si Micaya, at nagkaroon siya ng isang pangitain. Sinuri niya, unang-una, pansinin n'yo. Sabi, "Maghintay kayo. Ibigay n'yo sa akin ang gabing ito. Hayaan n'yong alamin ko muna, at bukas baka masasagot ko na kayo." Hindi siya nagpadalos-dalos, "GANITO ANG SABI NG PANGINOON," na parang, sumang-ayon agad sa iba pang mga propeta. Sinabi niya, "Sasabihin ko lamang kung ano ang sasabihin ng Diyos."

At kinabukasan, nalaman natin, sinabi ng Diyos sa kanya kung ano mismo ang mangyayari. At ito'y ganap na salungat sa sinabi ng iba. Ang buong eskuwelahan, ay salungat mismo. At lumapit pa nga ang isa sa kanila't sinampal siya sa mukha, dahil dun. Pero, kita n'yo, naghintay siya. Pagkatapos noong gawin niya 'yun, inihambing niya ang kanyang propesiya, ang kanyang pangitain, sa Salitang nasusulat, at nakaayon 'yun sa Salita.

69 Kapag may magsasabi na sila raw ay "nagkaroon ng kapahayagan na magbautismo ng mga tao sa Pangalan ng 'Ama, Anak, Espiritu Santo,'" salungat 'yan sa Salita. Wala ni isa man sa kanila ang nagbautismo nang ganoon kailanman. Kapag

sinasabi nila, na, "Oh, mananaig tayo, at *ganito*, *ganoon*, at kung *ano pa*," at iba pa, haya't salungat 'yun sa Salita. Kapag sinasabi nila, "huwag n'yong paniwalaan ang binhi ng serpiyente," haya't salungat 'yun sa Salita. Lahat ng iba pang mga bagay na ito, na salungat sa Salita. Dapat nakaayon ito sa Salita at sa kapanahunan.

70 Ngayon, kung ginawa lang sana 'yun ni David. Darating at darating naman ang kaban, pero hindi nga lang sa panahong 'yun; wala pang lugar para rito.

71 Pansinin n'yo ngayon noong nagpunta sila para kunin ang kaban, lahat mismo ng mga dignitaryo'y nagsasabi, "Ganyan nga ang dapat gawin, David. Luwalhatiin ang Diyos! Kailangan natin ng isang rebaybal." Ganyan ang tunay na Pentecostal, sa panahong ito; Baptist, Presbyterian. "David, hari ka namin! Kayong lahat . . . sina Kapitan *Ganito-at-ganyan*, at Major *Ganito-at-ganyan*, at Heneral *Ganito-at-ganyan*, sila'y dadalo sa iyong pagtitipon. Aba, sinasabi nila na ganyan mismo ang dapat gawin, David. Suportado ka ng buong bansa."

Ganyan na ganyan ang problema ngayon. Ayaw ko ng suporta ng bansa. Ang nais ko'y ang Diyos, kahit walang iba na titindig.

72 Suportado si David ng lahat ng mga kapitan. Kinakatigan siya ng puwersang militar. Tinataguyod siya ng lahat ng mga denominasyon, lahat ng mga teologo, ng lahat mismo't, sumasang-ayon ang lahat sa kanya. Ganoon din si Ahab, at ang iba sa Kasulatan; pero wala siyang pagtataguyod ng Diyos, dahil wala siya sa kalooban ng Diyos. Sana po'y makuha natin ito.

73 Pansinin, ginawa nila ang lahat ng may kinalaman sa relihiyon na magagawa nila. Marahil nagpaanunsyo sila't lahat na, "Malawakang rebaybal! Ibabalik na ang kaban. Magkakaroon tayo ng isang rebaybal. Gagawin natin ang *ganito*."

74 Pansinin n'yo, nagpadala siya ng mga mang-aawit. Nagpadala siya ng mga tao na may dalang mga alpa, may mga trumpeta, at ginawa nila ang lahat ng may kinalaman sa relihiyon na alam nilang gawin; at sa kabila nun ay wala roon ang Diyos.

Para ngang nakikita natin ito na nauulit muli, hindi ba?

75 Tinipon nila ang lahat ng mga mang-aawit. Tinipon nila ang mga manunugtog ng alpa, ang mga taga-ihip ng trumpeta; ang mga kababaihan, ang mga kalalakihan, at kung sinuman na umaawit. Tinipon nila silang lahat doon, at isinagawa nila ang bawat pagkilos na may kinalaman sa relihiyon.

Ayaw ko sanang sabihin ito, pero kailangan kong sabihin ito. Ganyan na ganyan din ang mga denominasyon sa panahon ngayon, ang Pentecostal at lahat, na ginagawa itong lahat na

pagkilos na may kinalaman sa relihiyon, na pag-aawitan at pagsisigawan.

76 Pansinin n'yo, sumigaw si David nang buong lakas niya, at humiyaw siya, at lumukso siya, at ikinilos niya mismo ang bawat pagkilos na may kinalaman sa relihiyon na mayroon; at sa kabila nun ay wala roon ang Diyos. At gayong ang motibo niya, at ang layunin niya, at ang lahat ay tama; pero napunta pa rin siya sa maling daan kaakibat ito. Kita n'yo? Ginawa niya ang lahat ng mga pagkilos na may kinalaman sa relihiyon; sumigaw, umawit, may mga espesyal na mang-aawit, mga espesyal na tagasigaw, lahat na mismo. Sumayaw sila sa espiritu. Ginawa nila ang lahat ng bagay na may kinalaman sa relihiyon.

77 Katulad nga ito ng naglalakihan nating mga krusada sa panahon natin. Gusto nilang akayin ang mundo patungo kay Cristo. Walang ganoong bagay. Malalaki't malawakang rebaybal, kamangha-manghang mga bagay ang nangyayari; kung mapagtatanto lamang nila, na lumipas na ang araw na 'yun. Nasa kapahamakan na siya. Pero nagpapatayo sila, nagpapakrusada, gumagawa ng mga organisasyon, at lahat na. Pero, ang mga resulta'y halos katulad na katulad noong panahon ni David, hindi ito umubra.

78 Humahayo tayo at nagdadaos ng rebaybal. Ang mga kilala't, ilan sa mga kilalang ebanghelista natin ngayon, sinasabi nilang may tatlumpung libo sila na naakay, sa loob ng anim na linggo; at isang taon mula roon, babalik, haya't wala silang matatagpuan maski tatlumpu. May bagay na mali. Ano ito, kapareho mismo sa nagawa noon ni David. Mga matataas na dignitaryo, kilalang mga tao, mahuhusay na mangangaral, mas malalaking eskuwelahan, matataas na kapangyarihan, pero sa kabila nun ay sumasangguni pa rin sila sa isang lumang denominasyon sa halip na tumingin sa harapan ng Salita ng Diyos at tingnan kung napapanahon. Hindi ka makapagpapatubo ng partikular na mga pagkain kung hindi sa partikular lang na mga panahon ng taon.

79 Ngayon tingnan natin kung anong nangyari. Gayong nasa kanila. . .Ang kanilang emosyon na may kinalaman sa relihiyon at mga bagay-bagay ay mainam, mainam ang kanilang mga intensyon, mainam ang kanilang mga krusada, mainam ang kanilang mga pag-aawitan, mainam ang kanilang mga pagsasayaw, mainam ang kanilang pagsigaw, mainam ang kanilang musika, at nasa kanila ang kaban. Anong silbi ng kaban kung wala ang Diyos? Isa lamang itong kahon na gawa sa kahoy, na may dalawang tapyas ng bato.

Katulad mismo ng pagkokomunyon, pagbabautismo. Anong silbi na mabautismuhan kung hindi ka muna nagsisi? Anong silbi nito, na magkokomunyon ka, haya't magiging ipokrito ka, kung hindi mo naman ipinamumuhay ang buhay at

sinasampalatayanan ang iba pang Salita ng Diyos? Tinatanggap lang ang bahagi Nito, at hindi ’yung iba pa Nito, haya’t ipinapakita lang n’yan na may bagay na mali.

80 Ngayon, habang nangyayari ang lahat ng ito, tingnan natin ngayon kung anong mangyayari kapag ang Diyos, at ang Kanyang kapanahunan at Kanyang oras, ay hindi isinasaalang-alang; haya’t ideya lang ng mga tao.

81 Maraming tao ang kumakausap sa akin, “Bakit di ka pumunta rito at magdaos ng pagtitipon? Buweno, tinatawagan ka namin. Pirmahan mo ’yung *ganito*, *ganoon*, o ’yung *iba pa*.”

Maghintay! Maaaring kagustuhan n’yo, pero ano ba ang sinasabi ng Diyos patungkol dito? Maraming tao ang kumakausap sa akin . . . Naimbitahan ako, nakapanayam, personal na nakapanayam at mga bagay-bagay, na naghintay ako nang isang taon. Maghintay! Papaano ko malalaman kung ano dapat ang sasabihin hanggang sa sabihin sa akin ng Diyos kung ano ang sasabihin? Kita n’yo, kailangang maghintay! Yan ang dahilan kung bakit sinabi ko, “Isulat n’yo ’yun. Titingnan ko kung anong sinabi Niya.” Kita n’yo? Maghintay! “Sila na naghihintay sa Panginoon ay magpapanibagong lakas.” Tama ba?

82 Pansinin n’yo, sumangguni lamang sila sa mga saserdote ng panahong ’yun, sa mga teologo, sa mga denominasyon. At pansinin n’yo, dahil sa ginawang ’yun, na pagsangguni sa mga saserdote’t pagsangguni sa kapulungan, pagsangguni sa mga tao, nagawa nila ito nang mali.

83 Pansinin n’yo, ’yung kaban ay yaong Salita. Alam nating tama ’yun. Dahil, ang kaban ay si Cristo, at si Cristo ang Salita. Kita n’yo? Ang kaban, o ang Salita, ay hindi inilagay sa una nitong, itinalagang, orihinal na itinalagang posisyon. Oh, huwag nawa kayong makalingat na makuha ito, iglesya!

Perpektong-perpekto ang lahat, at maayos na maayos ang lahat, gaya ng kung papaanong may malaking rebaybal na parating; pero dahil nakaligtaan nilang sumangguni sa tamang tao ukol dito! Sumangguni sila sa mga saserdote, sumangguni sa mga dignitaryo, sumangguni sa mga teologo, sumangguni sa mga mang-aawit, at napagkaisa ang lahat sa isang pinagkaisahang bagay, at kasama maging ang makapangyarihang organisasyon ng militar, at ganoon din ang—ang—ang mga puwersa ng bansa. Ang lahat ay nagkakasundo mismo para sa isang malaking pagtitipon, pero nakaligtaan nilang sumangguni sa Diyos. Ganoon ang nangyari kay Ahab, ganoon din ang nangyari sa iba pa. Grabeng sandali!

84 Ngayon huwag n’yong palampasin ito. Bigo sila na makuha ito, dahil hindi sila sumangguni. At dahil sa ginawang ’yun . . . Masdan. Sa pagtungo sa saserdote, sa pagtungo sa mga teologo, at sa pagtungo sa mg puwersang militar, at di pagsasaalang-

alang sa isinugo sa kanila ng Diyos na mensahero para sa panahon na 'yun, si Natan, haya't mali ang naging pagsasagawa nila rito. Nagpunta sila't binuhat ang kaban at inilagay ito sa isang bagong karitela, inilagay ito sa isang bagong karitela, o, "isang bagong denominasyon na pasisimulan," at hindi sa ibinigay ng Diyos, na itinalagang paraan para buhatin ito. Dapat kasi'y nakapasan ito sa mga balikat ng mga Levita. Pero, nakita n'yo, kapag magsisimula ka sa mali, tuluy-tuloy ka na sa pagiging mali.

85 Kung ang isang bala'y dapat na maitutok sa isang punterya, at kakabigin mo ang baril nang kahit sanlibong sangbahagi, sa simulang 'yan, mangyari nga na sa layong sandaang yarda ay nalihis ka na nang apat o limang pulgada. Mali ka kasi sa simula.

86 Oh Diyos, tulungan Mo po kaming mapagtanto na ang bagay na ito'y nagsimula nang mali, itong naglalakihang mga krusada sa panahon na ito, at mga naturingang ganoon. Hindi sinangguni ang Diyos ukol dito. Sinangguni ang mga pari't mga relihiyosong tao. Mga organisasyon ang sinangguni. "Buweno, gusto n'yo bang magkaroon ng *ganito-at-ganoon*? Naniniwala ako, kung makukuha lang natin ang bawat isa!" Huwag n'yong kunin ang bawat isa. Ang kunin n'yo ay yaong Salita lamang ng Diyos ukol dito.

87 Tapos nalaman natin, na kapag ginagawa nila 'yun, anong ginagawa nila? Tuluy-tuloy sila sa siya ring dati nilang programang panrelihiyon, na wala sa Salita ng Diyos at sa kalooban ng Diyos. Namatay na ang bagay na 'yan, maraming taon na ang nakalipas, 'yang mga lumang natuyo nang bagay-bagay na mga taon na ang nakalipas.

88 Natuyo na 'yan sa mga araw pa noon ng Panginoong Jesus. Wala silang kamalay-malay. Sabi, "Kung talagang nakilala ninyo si Moises, nakilala ninyo sana Ako, dahil sinabi ni Moises na darating Ako."

Sabi, "Ang mga magulang namin ay kumain ng manna sa ilang."

89 Sabi, "Namatay silang lahat!" "Bulag," ang itinawag Niya sa kanila, na mga Fariseo, na mga pinuno ng relihiyon. "Maliban na kayo'y manampalataya na Ako Siya, mamamatay kayo sa inyong mga kasalanan." Pero hindi nila ginawa 'yun. Labis silang nakatuon sa kanilang mga pamamaraan. Na kinakailangan nilang gawin 'yun sa kanilang pamamaraan.

90 Ganoon ang pamamaraan na ginawa ni David. Ginawa niya ito sa kanyang pamamaraan, basta sinabi lang niya, "Alam n'yo ba ang gagawin ko? Ililipat natin 'yun." Nagkaroon siya ng isang kapahayagan. "Ililipat na natin 'yun ngayon, kaya gagawin natin 'yun sa isang bagong pamamaraan. Lipas na ang mga araw ng himala, kaya gagawa na lang tayo ng panibagong organisasyon. Gagawa tayo ng isang bagong karitela, na ipinapakita na

may isang bagong bagay na pinasimulan." Grabeng huwad na propesiya!

91 Kinakailangan n'yong bumalik sa pamamaraan na sinabi ng Diyos na gawin ito. Ipinapatong nila ito sa balikat ng mga Levita, at 'yun nga'y sa ibabaw ng puso. Ang kaban, ang Salita, ay hindi dapat ipasan sa ibabaw ng isang bagong denominasyon, sa ibabaw ng mga teorya ng kung sino, kundi sa puso. Hindi dapat tangan ng mga denominasyon ang Salita ng Diyos; dapat tangan Ito ng puso ng isang tao, kung saan maaaring pumasok ang Diyos doon at ihayag ang Kanyang Sarili. At kung ihahayag Niya ito nang ayon sa Salita, ang Diyos nga ito; kung hindi, ay hindi nga.

At, pagkatapos, ang Salita para sa panahong 'yun! Oo't, masasabi ng isang Fariseo, "Sinong nagsabi sa amin na di namin maaaring gawin ang *ganito* at gawin ang *ganoon*? Ibinigay sa amin ni Moises ang mga kautusang ito."

"Anupa't sinabi rin ni Moises . . . "

Ang sabi ni Satanas, "Aba, nasusulat, 'Itatagubilin Niya sa Kanyang mga Ang- . . .'"

92 "At nasusulat din naman," sabi ni Jesus.

Ang panahon, ang oras! "Kung nakilala ninyo si Moises! May isa na mag-aakusa nga sa inyo, si Moises. Kung nakilala ninyo si Moises, nakilala ninyo sana Ako," sabi Niya, "dahil sumulat si Moises tungkol sa Akin. 'Ang Panginoon ninyong Diyos ay magpapalitaw ng isang Propeta sa gitna ninyo, na magkakapatid; Siya'y kanilang pakikinggan.'" Kung nakilala sana nila si Moises, nakilala sana nila Siya.

93 Ngayon malapit na po, makinig lang, huwag n'yong palalampasin ito. Kita n'yo, unang bagay, noong sinangguni nila ang mga saserdote, sinangguni ang mga dignitaryo, sinangguni ang militar, sinangguni ang buong kapulungan, ang kapitbahayan, para magsama-sama para sa malaking pagtitipon na ito na darating, haya't nakaligtaan nila na gawin ito nang tama. Hindi nila sinangguni ang Diyos. At, dahil sa nagawa nilang 'yun, na hindi nagbalik-tanaw at tiningnan kung anong oras na!

94 Oh, kapatid, makinig ka. Anong oras na ba itong kinabubuhayan natin? Anong kapanahunan na? Anong oras na itong kinbubuhayan natin? Hindi panahon ngayon para sa mga bagay na 'yan na pinag-uusapan nila. Lumipas na 'yan. Malapit na ang kahatulan. Nakikita n'yo na unti-unti na itong nagsisimula. Naaalala n'yo 'yung bato roon sa itaas ng bundok? Oras na ng kahatulan! Naaalala n'yo 'yung kapahayagan, o 'yung pangitain ukol sa Nobya? Panatilihin lamang Siya sa kanyang paghakbang. Huwag Siyang pabayaan na malihis sa paghakbang.

Pansinin, “Sa ibabaw ng mga balikat ng mga saserdote!”

95 At si David at lahat ng mga saserdote, na dapat sana’y mas nakakaalam, pero anong nangyari? Dapat mas alam ng mga saserdote. Ang mga eskriba, mga teologo, haya’t dapat mas nakakaalam sila, dahil sinabi na ng Salita na huwag ’yung gawin.

96 At ngayon kapag naiisipan nilang sabihin, “Oh, si Jesus Cristo ay hindi na gaya kahapon, ngayon, at magpakailanman. Pagbabasa lang ng isip ’yan. Yan nga’y *ganito*, *ganoon*, o kung *ano pa*.” Bigo nilang makita ang ipinangakong Salita. “Oh, noong lipas na araw na ’yan.”

Sinabi ni David, “Oh, buweno, ngayon sandali lang. ‘Sa ibabaw ng mga balikat ng—ng mga saserdote,’ para lang ’yan sa panahon noong lumabas sina Moises. Pero ngayon, tayo, ipapatong natin ito sa ibabaw ng isang bagong karitela ngayon. May nakuha akong kapahayagan ukol dito.”

97 Ang sagot naman ng mga saserdote, “Amen, David!” Kita n’yo, naimpluwensyahan ng kanilang bagong ekumenikal na konseho, na dapat daw silang magsama-samang lahat at gawin ito sa *ganitong* paraan at *ganoong* paraan, ’yun ang nagbunsod sa nga saserdote na madapa. Hindi nila sinangguni ang tamang tao. Hindi nila ito naisagawa nang tama, kaya nagkaproblema sila. Oo.

98 Natatakot ako, sa maraming bagay sa panahong ito. . . Kagaya na lang nung isang mahusay na tagapagturo, isa sa pinakamahuhusay sa mga Pentecostal, haya’t tumayo siya sa harap ng grupo ng relihiyon noong isang gabi sa Chicago, na dapat ako ang magsasalita sa pagtitipon na ’yan kasama ang mga Business Men, pero naisip kong nasa Aprika ako ng panahong ’yan, pero nakabalik na ako isang araw bago ’yun nagsimula, at pumili na lang sila ng isang mahusay na Pentecostal na intelektuwal, at tumayo siya roon at sinabi sa kanila na ang ekumenikal na pagkilos na ito’y isang bagay ng Diyos, at sinabi na ang lahat ay papanumbalikin, maging ang simbahang Katoliko ay manunumbalik daw sa orihinal nitong kalagayan, na ang lahat ay nakapagsasalita ng iba’t ibang wika bilang katibayan, at kung ano pa, at walang kamalay-malay na isang patibong ’yun ng diyablo!

99 At may isang lalaki dun, na di ko kilala, kung minsan nakakapagtanim ka ng binhi, hindi mo alam kung anong mangyayari, pero ’yung Presidente ng Full Gospel Business Men, pagkaupo na pagkaupo nung tagapagsalita, sabi niya, “Madalas po na di ako nagsasalita ng mga bagay laban sa ating mga tagapagsalita, pero hindi ganyan ang sinabi ni Kapatid na Branham na mangyayari. Anupa’t ang sabi niya’y hahantong ’yun sa tatak ng hayop.”

Ang sabi nito, “Pero hindi naman alam ni Kapatid na Branham kung ano ang sinasabi niya.”

Sabi, “Kami . . . naniniwala kaming alam niya.” Kita n’yo?

100 At sa Chicago nga ito, sabi, “Ilan dito ang gustong umakyat ako rito at ibigay ang bersyon ko ukol dito?” Nagsimulang maghiyawan at magsigawan.

Kita n’yo, kung nagtatanim kayo ng mga binhi; hindi n’yo alam kung anong mangyayari. Basta ipagpatuloy n’yo lang ang paglalatag sa Binhi. Pagsapit ng oras, ilan sa kanila’y . . .

101 Tulad ni Tomas, siya ’yung huling nakakita sa Panginoon. Pero, kinailangan niya raw na makita muna Siya, para paniwalaan Siya. Kita n’yo, kapag nakikita na nila ito na nangyayari. Oh, nakarating naman si Tomas, pero medyo huli na siya.

102 Ngayon kapag nakikita na nila ang mga bagay na inihula, at sinabing GANITO ANG SABI NG PANGINOON, na nangyayari, saka pa lang sila nagsasabi, “Bigyan n’yo kami ng kaunti n’yong Langis.” Kita n’yo?

103 Pero ngayon pansinin, impluwensya. Minsan may mga dakilang lalaki na magtitipon. Maririnig n’yo sila na sinasabi, “Ang dakilang si *Ganito-at-ganoon*, at dakilang si *Ganito-at-ganoon*, ang dakila naming . . . ” Huwag na huwag n’yong gagawin ’yun.

Walang daki-dakila sa atin. May iisa lang na Siyang dakila mismo, at ’yun ang Diyos. Tayo’y magkakapatid na lalaki’t, magkakapatid na babae. Di ko alintana kung nagpapastor kayo ng isang simbahan na lima lang ang dumadalo, hindi kayo nun ginagawang mas maliit; ginagawa kayo nun na isang kapatid, kita n’yo, kung tapat kayo sa Salita ng Diyos. Huwag n’yong alalahanin ang kung ano, o kung paano; hindi kayo nun pinagiging maliit. Walang maliliit na anak at malalaking anak ang Diyos. Mayroon lamang siyang mga anak. Pantay-pantay silang lahat.

104 Pansinin, nagbuhat mismo ang Diyos mula sa mala-perlas na mga palasyo sa Kaluwalhatian, para maging isa sa atin. Ngayon sino ang dakila? Kinuha . . . Hindi bumaba rito para mag-anyong pari, kundi isang lingkod. Hinugasan ang mismong putik na Kanyang nilikha, ang mga paa ng Kanyang mga alagad at ng iba pa. Ngayon sino ang dakila?

105 Pero naimpluwensyahan, ang mga lalaking ito. Hindi nila naunawaan. Inakala nilang may isang bagong bagay na mangyayari, hindi, isang bagay na di naman sinabi ng Diyos na mangyayari. Tinugaygay nila ito sa maling pamaraan.

Yan ang naging bunsod ng lahat ng mga kasigasigang ito, noong ang . . . nagsimula noon-noon pa, matagal nang panahon ang nakalipas, na bawat denominasyon ay kailangan daw nilang

magkaroon ng isang Makalangit na tagapagpagaling; bawat denominasyon ay kailangan daw ng *ganito*, *ganoon*, o kung *ano pa*. Kailangan daw bawat denominasyon ay may kanya-kanyang munting David. Kailangan daw na bawat isa'y may *ganito*, *ganoon*, o kung *ano pa*. Nakita n'yo ang nangyari? Napangyari ang siya ring bagay na ginawa noon dito. Parehong bagay. Impluwensya!

106 Ang Salita para sa kapanahunan, ang oras na kinabubuhayan nila, ay isinawalang-bahala.

107 Pansinin, "sa mga balikat ng mga Levita," ganoon ang orihinal, ang itinakdang paraan ng Diyos sa paggawa ng mga bagay na ito. "Pasanin ang kaban sa nga balikat ng mga Levita." Anumang bagay maliban doon ay salungat. Ang bagay na sinabi Niya, 'yun na 'yun mismo ang ibig Niyang sabihin. Hindi maaaring magbago ang Diyos. Yun ang dahilan, kung bakit kailangan n'yong manatili sa Kanyang Salita! Mayroon akong Kasulatan, siyanga, Unang Cronica 15:15, kung gusto n'yong ilista 'yun. Pansinin.

108 Ngayon pansinin, doon, sa pagsunod sa Diyos. Ngayon gusto kong para bang itanim n'yo ito sa inyong isipan. Para makasunod sa mga utos ng Diyos, para gawin ang anumang bagay na tama para sa Diyos, para gawan—gawan ang Diyos ng paglilingkod nang tama, may limang kailangan, para magawa nang tama ang paglilingkod sa Diyos.

109 Ngayon gumagawa si David ng paglilingkod ukol sa Diyos. Ginagawa niya ang lahat ng alam niyang magagawa niya, maliban sa nakaligtaan niya ang Diyos. Kita n'yo? Gumagawa siya ng isang bagay na tama, isang bagay na ikabubuti ng mga tao, isang bagay na ikabubuti ng iglesya.

110 Pero ang limang kailangan na ito, gusto kong tandaan n'yo ang mga ito. Kahit gaano pang kasinsero ang isang tao marahil sa paggawa nito, na gumagawa ng paglilingkod ukol sa Diyos, heto't, kailangan na naroon ang limang ito.

Una, dapat sa Kanyang oras ito isasagawa.

111 Papaano kung—kung darating si Moises, sasabihin, "Gagawa tayo ng isang daong at palulutangin natin sa Nile, katulad ng ginawa noon ni Noe"? Mainam 'yun noong panahon ni Noe na isang daong ang gamitin, pero hindi sa panahon niya.

112 Papaano kung darating si Jesus, magsasabi, "Ngayon sasabihin Ko sa inyo kung anong gagawin natin. Aakyat lamang tayo dun sa bundok, katulad ng ginawa noon ni Moises, at kukuha ng panibagong deklarasyon ng mga kautusan"? Kita n'yo? Huh-uh! Siya ang kautusan na 'yun. Kita n'yo?

113 Dapat nasa Kanyang oras kayo. Dapat nasa Kanyang kapanahunan ito. Nakukuha n'yo na ba ngayon? Kailangan nasa oras Niya. Kailangan nasa panahon Niya, oras at panahon.

114 At dapat sang-ayon ito sa Kanyang Salita na binigkas. Kailangan. Wala akong pakialam gaano n'yo man kahusay saysayin na dapat *ganito*, o dapat *ganoon*, o dapat *ganito*. Dapat nakaayon ito sa Kanyang Salita, nakaayon sa Kanyang oras at Kanyang panahon.

At dapat ibinibigay ito sa pamamagitan, ng tao na pinili Niya para gawin ito.

115 Wala akong pakialam gaano man karaming dignitaryo. Naroon si haring David, na kasing dakila ng sinuman sa kanila. Hari siya ng buong bansa. Pero may paraan ang Diyos ng paggawa nito, at sinabi ng Diyos sa kanila kung papaano Niya ito gagawin. Pero bigo sila na magawa ito.

116 Dapat naaayon ito sa Kanyang Salita, naaayon sa Kanyang oras, naaayon sa Kanyang programa.

117 Dapat ito'y sa pamamagitan ng tao na pinili Niyang pagbigyan nito at gagawa nito. Tinangka ni Moises na takasan ito, "Kumuha Ka na lang ng iba." Pero pinili ng Diyos si Moises para gawin ito. Marami sa kanila; si Pablo nga'y tinangka niya noon na makawala rito; gaya ng marami pang iba. Pero kinakailangan nga mismo na sa pamamagitan ito nung pinili Niya para gawin ito.

At kailangan na dumating ito, unang-una, sa Kanyang mga propeta. Kailangang dumating ang Salita ng Diyos sa Kanyang mga propeta. Amos 3:7, "Ang Panginoong Diyos ay walang gagawin hanggang sa ihayag muna Niya Ito sa Kanyang lingkod na propeta." Apat.

118 At ang propeta'y kinakailangan na mapatotohanan ng Salita ng Diyos.

119 Hayan ang limang kailangan. Kailangan na nasa ganoong paraan ito. Kanyang oras, Kanyang panahon, kung kailan Niya sinabi na mangyayari ito; at ang tao na pinili Niya; at dapat itong dumating sa propeta; at ang propeta na 'yun ay dapat isang pinatotohanang propeta. Nakita natin 'yan, marami sa kanila sa Biblia, dumudulog sa mga propeta at hindi naman pala pinatotohanan. Ang Propeta natin ay si Jesus Cristo.

120 Kaya ngayon pansinin n'yo, kita n'yo, hindi inihayag sa kanila ng Diyos ang bagay na nauukol sa Kanyang inilaang paraan ng paggawa nito. Ang tinanggap nila'y ang pamamaraan ni David. Tinanggap nila ang pamamaraan ng mga saserdote. Tinanggap nila ang pamamaraan ng mga eskriba, ng mga teologo, pero hindi ang pamamaraan ng Diyos. Si Natan, hayan nga, siya ang propeta noong panahong 'yun. Kalaunan, sinabi ni Natan kung paano ang gagawin nila ukol dito. Pero, kita n'yo, ginawa nila 'yun nang di man lang sumasangguni kay Natan. Wala ni isa mang salita na nagsasabi na sinangguni si Natan. Lahat nitong impluwensya, itong dakilang bagay na

nangyayari! At, naku, naiisip ko ang awiting ’yun, “Hayaan, panatilihing . . . ”

> Lingapin Mo po ako, Panginoon, sa tuwing nag-aalab ang mga puso,
> Ibunsod Mo ako na maipagpakumbaba ko ang aking sarili (sa pakikipamatok sa iba), upang Iyong Pangalan lang ang aking tawagin;
> Turuan Mo po akong huwag sumandal sa kung anong gawa ng iba,
> Kundi maghintay lamang sa pananalangin para sa Iyong katugunan.

Kita n’yo, ganoon dapat ang gawin. Hayaan n’yong makita ko ito na mangyari sa tamang paraan, kung ganoon ito’y nasampalatayanan na.

121 Ngayon, ang paghahayag ng Diyos ukol sa bagay na ’yun sa kanila ay sa pamamagitan ni David, at mga ministro, at mga tao, at mga kapitan ng libo-libo, at kapitan ng daan-daan, pero hindi sa pamamagitan ni Natan na nagtataglay ng GANITO ANG SABI NG PANGINOON. At sinabi ng Panginoon na wala siyang gagawin hanggang sa ipakita Niya sa propetang ’yun ng kapanahunan, unang-una, kung ano ang gagawin. Nakita n’yo ’yung ginawa nila? Lumihis sila mula sa Salita ng Diyos, humayo sila’t ikinarga ang kaban sa isang bagong karitela. Kita n’yo? Hayan nga na ipinagpatuloy nilang gawin ’yun nang wala sa utos ng Diyos at sa itinakdang paraan ng Diyos.

At ganyan na ganyan ang nangyayari sa panahong ito, mga kaibigan. Kaya naman nagkaroon tayo ng napakaraming malalaking krusada at kung anu-ano pa, at wala tuloy resulta. Mas lumaganap pa ang kataksilan, mas namayagpag ang kasalanan, mas dumami . . . Sinasabi ko sa inyo, walang-wala na ang bansang ito; anupa’t hindi lang ang bansang ito, kundi ibang mga bansa rin. Ang bansang ito, tulad ng Inglatera noong ibang kapanahunan, ay naging patotot mismo ng lahat ng iba pang mga bansa.

122 Doon sa Mozambique, apatnaraan at walumpung milya mula sa sibilisasyon, sa gubat mismo, nakikinig kay Elvis Presley ang mga kabataang beatnik, paalog-alog ang ulo’t patalon-talon nang paganoon, nang magdamag, habang nakatambay . . . O, ’yung maliliit na radyo na tulad nun ay nakakasagap nang libong milya, nakakaabot hanggang sa Rhodesia, nasasagap si Elvis Presley. At sa kabila nun sinasabi nila, “Napakarelihiyoso niya, siya at si Pat Boone, at ang iba pa.” Naku, ito ang Judas ng panahong ito, at walang kaalam-alam ukol dito. Yun ang kalunus-lunos na bahagi, naniniwala sila na sila’y—sila’y tama.

Hindi ba’t sinabi na ni Jesus sa Kapanahunang ito ng Iglesya ng Laodicea, “Ikaw ay hubad, at maralita, aba, bulag, at hindi ito nalalaman”? Hindi nga ito nalalaman!

123 Buweno, ’yung mga Pentecostal na kabataan doon sa Aprika’t sa palibot, sinasabi nila, “Buweno, si Elvis Presley, ’yung pag-awit niya ang pinakamaganda na maririnig mo kailanman.” Hindi nga maikakaila na ganoon si David, din; hindi maipagkakaila na ganoon din ang mga mang-aawit, pero nagbunsod ’yun ng kamatayan sa kampamento. Nakita n’yo kung nasaan sila, kung nasaan na tayo ngayon, mga kaibigan?

124 “Sa mga balikat ng mga Levita,” ang orihinal na paraan ng Diyos para isagawa ito. At ikinarga nila ’yun sa isang bagong karitela. Ngayon, hindi kailanman ’yun uubra. Hindi sila sumangguni sa tamang paraan. Kita n’yo? Kaya naman nalihis sila, ukol dito, at ginawa ’yun sa maling paraan.

125 At ganyan ang nangyayari ngayon. Kapag ang tao, kahit gaano pang kasinsero, kung magpupumilit siyang gawan ang Diyos ng paglilingkod maliban sa inilaan ng Diyos na paraan ng paghahayag nito, lagi itong mauuwi sa kaguluhan. Itinatakda kasi ito ng Diyos sa Kanyang kaparaanan. Ang mga tao, kahit gaano pang kasinsero, kung susubukan n’yong gawin ’yun nang labas doon, inyo lang—inyo lang pinagugulo ito.

126 Tulad ni Balaam, noong panahon ni Balaam. Sinabi ng Diyos kay Balaam, sa propetang ’yun. Isa siyang propeta, itong propetang si Balaam. Isa siyang propeta, at dumating ang Salita sa kanya nang eksakto, ang sabi, “Huwag kang pumunta roon. Sila ang pinili Ko. Sila ang hinirang Ko.”

At nagtungo si Balaam sa mga dignitaryo, mga militar, mga mangangaral, mga taong maimpluwensya, at nagsabi, “Buweno, sasabihin ko—sasabihin ko sa inyo, ang hari’y . . . ”

Kita n’yo, ganoon na ganoon kay David, ganoon na ganoon sa panahon ngayon. Kunin n’yo lang ang lahat ng ito bilang pagtitipo, at makikita n’yo ito. Nakikita n’yo ba? Sabihin n’yo, “Amen.” [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Kita n’yo, kita n’yo, katulad mismo ng nangyayari ngayon.

127 Pero sinabi ng mga ministro, sinabi ng—ng—ng mga saserdote, sinabi ng mga eskriba, sinabi ng mga teologo, “Sa *ganitong* paraan dapat ito gawin.” Pero, hindi, at napatunayan mismo na hindi.

128 At sinabi ng Diyos kay Balaam, haya’t isa siyang propeta, unang-una, sinabi Niya sa kanya, “Huwag kang pumunta roon.”

129 Pero ’yung impluwensya nitong iba pang kalalakihan ang nagbunsod sa kanya na gumawa ng salungat sa sinabi ng Diyos na paggawa ukol dito, at naging sumpa ’yun sa halip na rebaybal. Oh, mangyari nga, na pumunta siya roon at nagturo sa mga tao, nagsabi, “Ngayon sandali! Alam n’yo kung ano?” Sabi, “Kami’y—kami’y mga Moabita. Kung maaalala n’yo, ang anak na babae ni Lot ang aming reyna. Sa kanya kami nagmula. Lahat tayo’y iisang dugo. Lahat tayo’y . . . Lahat tayong mga

denominasyon ay pare-pareho." Huwag kayong makikihalo sa ganoong bagay. Lumayo kayo roon. Kita n'yo? Mangyari nga't ang sabi niya, "Pareho lang tayo. Aba, ang bayan n'yo ay tulad ng bayan ko. Maaari tayong magsipag-asawahan, sa isa't isa, para magkaroon tayo ng isang tunay na konsehong ekumenikal. Kita n'yo? Lahat tayo'y maaaring magsama-sama at bumalik muli sa orihinal na bagay."

Isinumpa ng Diyos ang bagay na 'yun. Ang kasalanan na 'yun ay di kailanman ipinatawad sa Israel. Nanatili 'yun sa kanila hanggang sa natitirang araw ng kanilang buhay. Hindi ito kailanman pinatawad. Nangamatay sila sa ilang dahil dito. Siyanga. Dahil di nila tinanggap ang inilaang pamaraan ng Diyos sa pamamagitan ng pinagtibay na pamaraan Niya ng paggawa nito.

130 Pansinin n'yo, itong bagay na nagawa nila'y nagbunsod sa Israel na mamatay ng kamatayan, sa ilang. At sinabi ni Jesus, "Silang lahat ay nangapahamak at namatay." Masdan n'yo kung sino yaong tumayong kasama ni Moises doon noon: sina Josue at Caleb, sa—sa programa.

131 Pansinin n'yo muli, heto si David, itong nagawa niya. At noong nagawa niya, anong ibinunsod nito? Nagbunsod ito para dumating ang kamatayan sa isang sinserong tao.

Ngayon, sa palagay ko nakakonekta pa rin kayo, at nais kong mapakinggan n'yo ito kayo na nasa buong bansa.

Itong bagay na ito na ginawa ni David, nang hindi sinasangguni si Natan at dapat sana'y pinanghawakan ang Salita ng Panginoon para rito, nagbunsod ito na dumating ang kamatayan sa sinserong mga tao. Siyanga, po. Iniunat niya ang kanyang kamay, haya't nabubuhay siya sa presensya ng kaban; inilabas ito mula sa kanyang—kanyang bahay. At natisod ang baka, at papabagsak noon ang kaban.

132 Nakagawa na sila ng isang bagay na mali, dalawang bagay na mali. Una, hindi nila sinangguni si Natan. Yung kasunod na bagay na nagawa nila, nagpunta sila roon nang di man lang sinasangguni ang Salita ng Diyos. Na, ang. . .si Samuel ang Salita noong panahong 'yun. . .At di man lang sinangguni ni David ang Salita ng Panginoon. Pagkatapos, noong 'yun ang gawin nila, sumalungat sila sa Salita ng Diyos.

At heto ang mabuting tao na ito, na naging tagapangalaga, isa siyang obispo, naisip niya, "Buweno, heto, ayaw kong madismaya ang Diyos," kaya itinukod niya ang kanyang kamay sa kaban. Samantalang, hindi siya Levita, at kaya namatay siya. Tatlong bagay!

133 Ngayon bulayin n'yo nang mabuti, at masdan kung ano ang nagawa ng mga denominasyon ngayon. Kita n'yo, tinanggihan nila Ito, tinawag Ito na "huwad na doktrina."

Kita n'yo? Tingnan n'yo kung anong kinahinatnan nila. Maisasagawa nila ang konsehong ekumenikal nila, sige lang. Binansagan Itong "pagbabasa lang ng isip," gayong Diyos Mismo ang nagpapatibay na Katotohanan Ito, at pinatutunayan na Katotohanan Ito. "Oh, sambunton lang sila ng mga hangal doon," ganoon ang sinasabi nila, "hindi nila alam ang pinagsasasabi nila."

Tama naman, di natin alam. Pero sinasabi lamang natin ang mismong mga Salita ng Diyos, at Siya ang nakakaalam kung ano ang sinasabi Niya, kita n'yo. Hindi ko Ito kayang ipaliwanag, walang makakapagpaliwanag, pero Kanyang—Kanyang—Kanyang pinatutunayan Ito.

134 Ngayon pansinin. Maraming sinserong mananampalataya ngayon, na lumalapit kay Cristo, na gustong lumapit nang buong puso niya, ang napapatay sa espirituwal sa ganoon ding paraan. Maraming sinsero ang pumupunta sa simbahang Katoliko at nagnanais maging isang Cristiano, pumupunta sa Methodist, sa Baptist, church of Christ, at maging sa mga Pentecostal, kita n'yo, at nagnanais maging isang Cristiano, ang nagtutukod ng kanyang kamay rito, nakikisali sa kanila.

135 At noong makita ni David na ganoon ang nangyari, nagising siya dahil dito. Huwag kayong mahuhuli sa paggising diyan, kapatid. Nakita niya mismo na humagupit ang kamatayan.

Ipakita n'yo sa akin ang mga resulta. Bakit ganito itong naturingan-lang na rebaybal, na pinababalik ang mga tao sa mga simbahan, bakit ganoon pa rin ang nangyayari sa bansa, sa—sa kalipunan ng mga mananampalataya? Wala nga itong naging anumang bunsod kundi ang lumikha lang ng mga bagong organisasyon at mga denominasyon, sa haba ng panahon, dumarami lang ang mga miyembro't kung ano pa. Mas umayos ba ang bansa? Ang sabi nila'y kanila raw . . .

136 "Amerika. Pagpalain ng Diyos ang Amerika. Ito'y—ito'y isang bansa, isa itong Cristianong bansa."

Pero milyong milya ang layo nito sa pagiging Cristianong bansa. Ni hindi ko na ito ipinapanalangin. Papaano ko ito ipapanalangin, haya't ayaw nitong magsisi sa ilalim ng dakilang kapangyarihan ng Diyos na ipinamalas na mismo sa harap nito; at panay ang pagtanggi, at pagsasara ng mga pintuan Dito, at paglakad palayo? Ipinagkakatiwala ko na ito sa Diyos. At siya'y papalayo nang papalayo. At ngayo'y lulubog na siya. Matyagan n'yo lang ang mangyayari.

137 Maraming sinsero ang umaanib sa isang organisasyon, o isang grupo, o kung anong paniniwala, at namamatay sila roon, sa espirituwal. Hindi mo na sila magagawang pagsabihan. Naibaon na sa kanila ang mga bagay na 'yun, "Aba, mga obispo ang nagsasabi nito. At sinabi *nito* 'yung ganito, sinabi *nito* 'yung ganito." Ipakita mo man sa kanila rito sa mismong Salita ng

Diyos kung saan GANITO ANG SABI NG PANGINOON. “Pero ang pastor kasi namin . . . ”

Wala akong pakialam kung ano man ang sabi-sabihin ng pastor n’yo, wala akong pakialam ano man ang sabi-sabihin ko, o sabi-sabihin ng iba pa. Kung salungat ito sa pinagtibay na Salita ng Diyos, ng oras na ito, ng panahon na ito, ng Mensaheng ito, at iba pa, kalimutan n’yo na lang. Layuan n’yo ito. At tatayo at tatayo ako sa harap ng bawat isa sa inyo sa Araw ng Paghatol, at alam n’yo ’yun. At hindi ko basta-basta sinasabi lang ito, yamang nalalaman ko na matanda na ako ngayon. Ako . . . Hindi ito sa ganang may nalalaman ako, kundi Siya ang nakakaalam. Nakasunod lang ako sa sinabi Niya.

138 Tingnan n’yo ngayon itong naglalakihang krusada na mayroon tayo sa buong bansa. Napatunayan mismo na ito’y sa walang kabuluhan. At hindi ba’t sinabi ni Jesus dito ngayon, Lucas 7:7, “Walang kabuluhan ang pagsamba nila sa Akin”? Walang kabuluhan ang pagdala ni David sa kaban. Walang kabuluhan ang pagsasanay ni Ahab sa mga propetang ’yun. Walang kabuluhan ang pagkuha ni Balaam sa salaping ’yun. “Anupa’t itinuturo bilang Aral ang mga utos ng tao.” Ang utos ng Diyos ang mahalaga, kahit gaano pang kasin- . . .

139 “Talagang sinsero ng mga taong ’yun.” Madalas n’yong naririnig ’yan, “Napakasinsero nila.” Wala ’yang anumang ibig sabihin. Jehovah Witness, Seventh-day Adventist, at lahat ng mga paniniwalang ’yun, humahayo sila rito sa lansangan at gumagawa ng mga bagay na ayaw ngang gawin ng isa man sa atin. Tumatayo ang mga Katoliko sa isang kanto at humihingi ng donasyon, at kung ano pa, ’yung mga ganoong utos na gaya nun, at ang pera’y bilyong makailang bilyon na makailang biyong dolyar, pero nanghihingi pa rin ng donasyon. Sinsero, hindi mapapasubalian. Humahayo ang mga iglesya at—at nangangaral, at kung ano pa, at tumatayo sa pulpito ang mga ministro at ginagawa ang lahat ng magagawa nila para makaakay ng mga bagong miyembro sa kanilang mga iglesya; pero ito’y isang bagong kaban.

May isa lamang Kaban na dapat sundan, ’yun ay, ang Salita ng Diyos. Anumang taliwas sa Kaban na ’yun, layuan n’yo ito! Ito’y nakapatong sa isang bagong karitela, at hindi nakapasan sa mga balikat ng Diyos. Siyanga. Layuan n’yo ang bagay na ’yun. Huwag kayong magkaroon ng anumang kinalaman dun.

140 Ang naglalakihan nating mga krusada, bilyun-bilyon at milyun-milyon ang napapaamin sa mga kasalanan. At duda ako kung may matitirang sandaan sa kanila, sa lahat ng ’yun. Kita n’yo, hindi na kasi ’yun.

Kung ganoon tumuon kayo sa Salitang ipinangako.

141 Iisipin n’yong bigo ’yun, at alam nating bigo ’yun. Sinasabi ng ilan sa pinakamahuhusay natin na—na mga rebaybalista sa

bansa ngayon na lubos nga itong nabigo. Alam ng iglesya na bigo ito. Alam ng lahat na bigo ito. Buweno, bakit ganoon? Bakit ito nabigo?

Para 'yun sa isang magandang layunin. Para madala ang mga tao sa Presensya ng Diyos, naglalakihang mga krusada. At milyun-milyon ang gumugol ng kanilang salapi, at iniaambag sa malalaking krusada. At sama-sama ang mga kaiglesyahan, malalaking awditoryum, at mga malalaking bagay, at kagila-gilalas na mga bagay ang nangyayari. Bakit ito bigo? Dahil di nila alam ang oras na kinabubuhayan nila.

Hindi nakapagtataka na tumayo si Jesus, at umiyak Siya sa Kanyang puso. Tumulo ang mga luha sa Kanyang mga pisngi, at sinabi Niya, "Jerusalem, Oh Jerusalem, makailang ulit Kong ninais kang limliman, gaya ng inahing manok sa kanyang mga sisiw (pinagbabato n'yo ang bawat propetang ipinadadala Ko sa inyo), anupa't ayaw ninyo! Subalit ngayon ay dumating na ang oras ninyo."

142 Hindi n'yo ba nararamdaman ang Espiritu Santo na sumisigaw mula sa inyo? "Oh, Estados Unidos at buong mundo, makailang ulit Kong ninais na tipunin kayo, ngunit ayaw ninyo. Ngayon ay dumating na ang oras ninyo. Ang diyos ninyo ng kalayawan, ang diyos ninyo ng karumihan, ang diyos ninyo ng Sodoma at Gomorra, ay dumating sa gitna ninyo." Kahit maliliit nating anak, gupit-beatle na at hayan ang bangs sa kanilang mga mukha, at batang-bata pa lang ay baluktot na. Wala nang pag-asa ang mga kababaihan natin. Wala nang pag-asa para maiayos pa. Ang mga kalalakihan nati'y naging binabae na talaga, naglalakad na ang suot ay maiiksing, short pants, at umaakto na parang babae, tapos nakalaylay ang buhok sa kanilang leeg. At tayo'y mga Sodomita na mismo, at ang apoy at galit ng Diyos ay nakaumang na para sa atin.

143 Alam n'yo ba kung papaano Niya papatayin, kung papaano Niya ito lilipulin? Sa pamamaraan na ginagawa Niya sa tuwina. Kapag ang isang patotot ay makagagawa ng anumang mali, binabato siya hanggang mamatay; pumupulot sila ng mga bato para patayin ang babaing patotot. Ganoon Niya papatayin ang iglesya. Sinabi ng Biblia na magpapaulan Siya ng mga graniso mula sa kalangitan, na tumitimbang ng sandaang libra bawat bato, at babatuhin Niya sila. Sinong makapipigil sa Kanya? Anong siyensiya ang nakapagsasabi na hindi 'yun posible? Gagawin at gagawin Niya ito.

Katulad ng gumawa Siya noon ng isang daong at pinalutang si Noe nang ligtas, gagawin at gagawin Niya itong muli para sa Kanyang Iglesya.

At sa pamamagitan ng Sarili Niyang kautusan at Sarili Niyang pamamaraan, babatuhin Niya ang patotot na 'yun na nangalunya kasama ang mga hari't mga kapitan ng daan-daan

at ng libo-libo. Babatuhin Niya ito hanggang mamatay, sa pamamagitan ng Kanyang Sariling mga kautusan na Kanyang inilagay sa kaayusan. Sinong mangangahas na magsabi sa Kanya na hindi Siya makagagawa ng graniso?

144 Tanungin n'yo ang isang tao na nakakaalam kung papaano nagsisimulang mamuo ang isang patak ng ulan. Haya't umiikot-ikot ito, at bumabalik-balik sa pamamagitan ng isang turbina; lumalaki nang lumalaki nang lumalaki, hanggang sa umabot ito sa isang partikular na timbang, at saka ito babagsak.

Siya, ang Diyos, Siya'y. . .haya't di Siya kayang pigilan ng hatak ng lupa, at pumaitaas Siya sa Langit. Ang Diyos, Na gumawa ng hatak ng mundo, ay kaya ring gumawa ng isang turbina na may sapat na laki para paikut-ikutin ang isang bato hanggang sa tumimbang ito ng sandaang libra. Sinabi Niya na gagawin Niya ito, at gagawin nga Niya. Sinong makapagsasabi sa Kanya na huwag gawin ito? Gagawin at gagawin Niya, dahil sinabi na Niyang gagawin Niya.

145 Nasa mga huling araw na tayo. Nakatayo tayo malapit sa kahatulan. Bakit? Pinipilit nilang kumain ng lumang manna na nahulog limampung taon na ang nakalilipas, ang iglesyang Pentecostal. Pinagpipilitan ng iglesyang Holiness, noong mahigit dalawang-daang taon na ang nakalipas. Ang mga Lutheran, 'yung mga tatlong-daan, o higit pang, taon ang nakalipas, daan-daang taon na ang nakalipas. Pinagpipilitan nilang kumain ng lumang manna. Oh, kapatid, bulok na ang bagay na 'yan. Kontaminado na 'yan. Ito'y. . .Ito'y may—ito'y may. . .Naku't, lagi kong sinasabi, may mga kiti-kiti na ito, mga uod. Papatayin ka nito, kung 'yan pa rin ang kakainin.

146 Tingnan n'yo kung si David o kung sinuman sa kanila'y ang sinangguni sana'y ang Tinapay ng panahong 'yun.

Kung ang ginawa sana nung mga saserdote, at mga propeta, at ng mga mangangaral, at mga teologo, at mga eskuwelahan, at ng mga denominasyon, ay sumangguni sa napapanahon! Pero ngayon wala na itong mabuting maidudulot pa sa kanila. Umusad na kasi Ito. Hindi na Ito makakatulong maski katiting. Wala na siya ngayon. Natawid na niya ang linyang 'yun mga limang taon na ang nakalilipas, 'yung pagitan ng pagsisisi, kahatulan at awa.

147 Pansinin n'yo, ano na kung ganoon? Ano ngang maaaring gawin? Ano mismo ang dapat gawin? Sumangguni tayo sa propeta, sa Biblia, kung saan hindi tayo maaaring magdagdag o mag-alis mula Rito. Kapag ganoon ang gagawin natin, aalisin tayo ng Diyos mula sa Aklat ng Buhay.

Sinabi na ng Diyos, sa Malakias 4, kung ano ang mangyayari sa panahong ito. Apocalipsis 10, kung papaanong bubuksan ang Pitong Tatak at ihahayag ang lahat ng mga hiwagang ito na itinago sa mga repormador noon! Sinabi Niya kung

paano ito ipangyayari. Nasa Biblia ito, GANITO ANG SABI NG PANGINOON. Ang Diyos nga'y kumpleto't, ganap na ipinakilala 'yun; at pinagtibay Ito na Katotohanan, sa pamamagitan ng mga tanda, mga kababalaghan sa kalangitan, sa himpapawid, at lahat ng iba pa, sa loob ng tatlumpu't tatlong taon.

Sa palagay n'yo ba pakikinggan nila Ito? Hindi. Patay na sila. Itinukod nila ang kanilang kamay sa isang bagay na pumatay sa buong bagay. Hindi, hindi na; hindi na pakikinggan, hindi na kailanman.

148 Noong mangyari ang bagay na ito, doon nakita ni David. Oh Diyos, padalhan Mo kami ng isang David na makikita kung saan siya nakatayo, na makatitingin at makikita na nangako ang Diyos ng isang bagay, kung papaano Niya gagawin ito ngayon. Sinabi na ng Diyos dito mismo sa Kanyang Salita, kung paano Niya gagawin ito.

149 Sinabi ng Diyos kay Micaya. Sinuri ni Micaya ang kanyang pangitain sa harap ng apatnaraang pinipitagang propeta. Sinuri niya ang kanyang pangitain para tingnan kung tama ba ito. Binalikan niya ang sinabi ng propeta na nauna sa kanya, para tingnan kung ano ang nangyari noon. Binalikan niya, at nakita niyang nakatayo noon si Elias, na nagsabi, "Ahab, didilaan ng mga aso ang dugo mo, rin." Ngayon, nakita niya mismo na ang pangitaing 'yun ay eksatong nakabatay sa Salita ng Diyos, kaya naman binigkas niya ito. At tama nga siya. Tama. Kahit ano pa ang sabi-sabihin ng iba sa kanila, nanatili siya mismo sa Salitang 'yun.

150 Ngayon tingnan natin ang pangitain na mayroon tayo ngayon. Ito ba'y pagtatayo ng mga simbahan; ito ba'y makabagong mga bagay; ito ba'y mga dakilang bagay na mangyayari? O, ito ba'y kahatulan? Tumingin kayo at tingnan ang pangako sa panahong ito, tingnan kung anong panahon na ang kinabubuhayan natin.

151 Sasabihin n'yo, "Buweno, purihin ang Diyos, kapatid, sinsero ako. Umanib ako sa iglesya. May batsilyer ako ng sining. Nagawa ko 'yung *ganito*." Mainam 'yan, ayos naman 'yan, walang anumang masasabi laban dito; ganoon din si David, ganoon din ang mga saserdote sa panahong 'yun noon, ganoon din ang mga teologo. Pero salungat 'yun sa Salita.

152 Sinabi ng Diyos kung papaano Niya gagawin ito ngayon, kung paano Niya ipapanauli ang lahat ng bagay, kung ano ang gagawin Niyang muli. Nangako Siya na magpapanauli. Ganoon nga mismo. Sa Joel 2:28, nangako Siya na Siya'y magpapanauli. "Aking isasauli," sabi ng Panginoon, "ang lahat ng mga taon na kinain ng uod." May iba't- . . . Kita n'yo, parehong uod 'yun; nasa ibang yugto lang ito ng buhay. At noong nagsimulang kumain ang Katolisismo, pagkatapos 'yung Lutheran, at Methodist, at mga Pentecostal, at lahat, pababa; sinabi Niya, "Aking isasauli

ang lahat ng bagay sa isang Iglesya na eksaktong katulad noong nasa una."

153 Bantayan n'yo 'yung pangitain noong isang gabi. Eksakto mismong siya ring Nobya ang dumating sa gawing *ito*, dumating sa gawing *ito*. Pagkatapos nun dumaan ang mga patotot na nakasuot ng kanilang mga kasuotan, naroon 'yung mga lumang bagay nila na *nakapaganito*, at nagsasayaw sa saliw ng rock-and-roll, at tinatawag ang sarili na Iglesya.

Sasabihin n'yo, "Buweno, hindi naman namin ginagawa ang ganyan."

Sa ganoong kalagayan kayo nakikita ng Diyos. Hindi kung ano ang nakikita n'yo sa sarili n'yo. Ito'y sa paraan na nakikita kayo ng Diyos. Walang tao ang nakikita ang kanyang sarili na mali. Kapag tumingin kayo sa salamin ng Salita ng Diyos, sasabihin Nito sa inyo kung kayo'y mali o tama. Kung ginawa sana 'yun ni David noon, nakita sana niya ang kamalian niya. Kung ginawa sana 'yun ni Ahab, o sila na mga propeta'y ginawa 'yun, nakita sana nila ang kanilang mga sarili na mali.

154 Sinabi ng isang pinagtibay na propeta, "Mamamatay si Ahab, at didilaan ng mga aso ang kanyang dugo." At ang propesiya niya ay eksakto Rito. Kaya naman alam niya na tama siya. Maging si Josaphat ay dapat sana'y nakita 'yun at alam dapat ito. Noong makita ni Micaya ang pangitain, haya't hindi siya kasundo ng mga tao noong panahong 'yun, pero taglay niya ang GANITO ANG SABI NG PANGINOON. Tama siya.

155 Pansinin n'yo, dadalhin natin ang bagay na ito ngayon sa araw na ito, kung kailan nakikita natin ang dakilang oras na susuungin natin.

Pansinin n'yo ang sinisikap gawin ni David, din. May maikli akong isinulat dito tungkol doon. Sinisikap niyang dalhin ang kaban patungo sa bayan ni David, sa sarili niyang denominasyon.

156 Balikan natin 'yung unang beses na nagsalita ang Panginoon dito sa may ilog, "Kung papaanong ipinadala si Juan Bautista para mauna sa unang pagparito . . . "

Kapatid, hindi 'yan matanggap ng mga Assemblies, maski ng United, lahat sila. Gusto nila mayroon din sila nun sa kung saan. Ah, gusto nilang lahat na gawin 'yun, kita n'yo, ganoon mismo. Lahat sila'y gustong dalhin 'yun patungo sa kanilang sariling bahay.

157 Gustong dalhin ito sa bayan ni David. Bakit? Walang lugar kasi na nakahanda para rito.

At 'yun ang dahilan kung bakit di n'yo madadala ang Mensahe sa isang denominasyon. Ang Salita, ang Kaban, si Cristo, "ang siya rin kahapon, ngayon, at magpakailanman," at ang lahat ng Kanyang pagkakakilanlan, hindi n'yo Ito

madadala sa inyong denominasyon. Hindi nila Ito kailanman paniniwalaan, dahil walang lugar para Rito. Hindi ba't sinasabi ng Biblia na nasa labas Siya ng iglesya ng Kapanahunan ng Laodicea, sinusubukang makapasok?

Walang lugar sa bayan ni David, kahit gaano pa ang katapatan nito, at gaano mang kadakila ito, at—at iba pa. Hindi pa rin 'yun ang lugar. Dapat nga'y Jerusalem. Doon ito napunta kalaunan, noong sinabi ng propeta sa kanila kung ano ang gagawin dito. Kita n'yo? Hayan nga na pilit na dinala ito ni David sa sarili niyang bayan. Wala kasing lugar na nakahanda para rito.

158 Si Cristo ang ating Kaban, at ayaw nila Itong tanggapin. Si Cristo ang Salita; ayaw nila Itong tanggapin. Ang gusto nila'y kanilang kredo, kanilang denominasyon, isang bagong kaban, o—o isang bagong tagapagdala. Gusto nilang dalhin Ito ng denominasyon; isang bagong kaban. Huh!

Alalahanin n'yo, si Cristo ang ating Kaban! Naniniwala ba kayong si Cristo ang Salita? Yun ang Kaban, kung ganoon. Tama ba? Buweno. Hindi maaaring dalhin si Cristo, papunta sa Kanyang tamang posisyon, ng anumang makadenominasyong karitela. Nakikipag-ugnayan Siya sa isang tao, at hindi sa isang grupo. Hindi Siya kailanman nakipag-ugnayan sa isang grupo; sa isang tao lang. Kapag, sinabi Niyang hindi Siya kailanman. Kung ginawa Niya, sinalungat Niya ang Kanyang Salita, Amos 3:7. Hindi n'yo Ito mapagsisinungaling. Hindi, po. Ito'y Katotohanan.

159 Pero, kita n'yo, sinusubukan nila. Hindi maaaring dalhin ng isang organisasyon ang Kaban. Napakaraming ulo nito. Kita n'yo? Hindi ito magagawa. Ipinangako Niyang hindi Niya ito gagawin, at hindi nga Niya ito gagawin. Ang sabi Niya . . . kailan Siya nangako—kailan Siya nangako na gagawin ito sa ibang paraan? Yan ang dahilan kung bakit ipinangako Niya na hindi Niya ito gagawin.

Huwag n'yong isipin ang ganyang mga kaisipan. Nararamdaman ko ito. Kita n'yo?

160 Mangyari nga na Kanyang—Kanyang ipinangako na gagawin Niya ito sa isang partikular na paraan, at anumang salungat doon ay hindi Niya gagawin. Kita n'yo? Pero sa pamamagitan nga mismo ng Kanyang orihinal na pamamaraan, batay sa sinabi Niya sa Amos 3:7, haya't sa ganoong paraan Niya ito gagawin. At kinakailangan na mapagtibay 'yun at mapatunayang tama.

Ngayon, alam n'yo kung anong ipinangako Niya ngayon, haya't ginagawa na Niya ito sa panahong ito. Sadyang 'yun ang sinabi Niya na gagawin Niya. Bubuksan Niya ang Pitong Tatak na 'yun, at lahat ng bagay na gagawin Niya; ihahayag ang mga hiwaga noon, kung papaano nga na itong mga bautismo't lahat ng mga bagay ay nagulong lahat nang husto.

At heto ito, sa Kanya mismong Presensya. Pinatutunayan ito ng siyensiya. Idineklara ito ng sangkalangitan. Nakatayo ang tao, na nakatingin mismo roon, at nakita na itong nangyayari. Wala nga ni isa mang bagay na sinabi Niya kundi Kanyang pinaging totoo. Hayan nga. Para lang makita n'yo kung nasaan na tayo ngayon.

161 Kung papaanong sinumang tao na nagtataglay ng Kanyang Espiritu, ay alam ito; tinataglay ang Espiritu ng Diyos sa kanya, ay alam na Ito ang Katotohanan, dahil hindi magsasalita ang Espiritu ng Diyos laban sa Salita. Hindi, hindi. Ito'y magiging eksakto mismo sa Salita.

Sasabihin n'yo, "Nasa akin ang Espiritu Santo. Nakakasigaw ako; nakakapagsalita ng mga wika. Nakakapagsayaw ako sa Espiritu." Wala 'yan ni isa mang kahulugan sa Diyos. Kita n'yo?

Ginawa rin 'yan ni David, ang halos parehong bagay, noon. Umawit sila nang buong lakas niya, at sumigaw siya nang buong lakas niya. Ginawa rin 'yun ng lahat ng iba pa sa kanila, at naglalakad pala sila patungo mismo sa kamatayan. Siyanga. Walang anumang kinalaman 'yun dito.

162 Ang Salita ang mahalaga, ang Salita ng Panginoon. "Sila na naghihintay sa Panginoon." Siyanga, po. Kita n'yo, sila na nagtataglay ng Espiritu ng Diyos, ay tumitingin sa pangako para sa araw na ito, at nagmamasid at naghihintay hanggang sa makita nila Ito. Pagkatapos masasabi nila, "Ito na Yun." Inihahayag Ito ng Diyos sa kanila.

163 Tulad ni Natanael. Pumunta si Felipe't nasumpungan si Natanael. Sabi ni Natanael, "Ngayon sandali lang. Alam kong ipinangako 'yan, pero hayaan mong ako mismo ang makakita Nito." At noong makita na niya Ito, ang sabi niya, "Ito na talaga Yun."

Sinabi nung babae, "Ngayon, alam ko, napakinggan ko na ang lahat ng klase ng mga teologo. Ginawa ko na ang *ganito* at *ganoon*. At binasa ko ang Biblia, ako mismo, at alam kong kami'y . . . May darating na isang Mesiyas, na magpapamalas ng ganitong mga bagay, kaya marahil propeta Ka Niya."

Sabi Niya, "Ako Siya."

164 Sabi nung babae, "Halikayo, tingnan n'yo ang isang Lalaki, ito na Yun." Naghintay siya hanggang sa makita niya mismo ang Mesiyas na 'yun na ipinakilala ng Salita ng Diyos, pagkatapos ang sabi niya, "Yun na mismo ang hinintay namin, nang apatnaraang taon. Hindi tayo nagkaroon ng propeta o anuman. Heto na Siya, at Siya Mismo ang nagsasabing Siya nga Siya." [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.] " . . . lumabas at tingnan ang isang Lalaki Na nagsabi sa akin ng mga bagay na nagawa ko."

Pero gusto Siyang patayin ng mga saserdote, at sa huli'y ginawa nila ito. Kita n'yo?

Pero hindi nila mapapatay ang Kanyang Espiritu sa panahon ngayon. Siyanga. Hindi, hindi nila Ito mapapatay. Naparito Ito para dalhin tayo, kaya lubos-lubos ang ating pasasalamat. Pansinin n'yo kung gaanong kadakila ang Diyos, gaanong kadakila ang Kanyang mga gawa, kung papaanong hindi ito kailanman mabibigo!

165 Ngayon, may inilaan at orihinal na paraan ang Diyos para gawin ang mga bagay-bagay, at hindi Niya kailanman gagawin ito nang salungat doon.

166 Ngayon nangako Siya sa mga huling araw kung ano ang gagawin Niya. At ipinadala Ito sa kanila, sa atin ang Mensahe; at ang siya ring Mensahe na ito'y magkakaroon ng parehong pagkakakilanlan kagaya nung kay Elias, katulad nung kay Eliseo, katulad nung kay Juan Bautista. Ipanunumbalik Nito ang mga puso ng mga tao, hindi sa denominasyon, kundi pabalik sa orihinal, na mga apostolikong magulang, pabalik sa Salita. Hayan nga na pinagtibay ang mga bagay na ito! Hayan nga na sa pagpapatunog ng huling anghel, Apocalipsis 10, "Sa mga araw ng ikapitong anghel, ang mga hiwagang ito na lahat ay . . . "

"Bakit *ito* ginawa ng mga Methodist, at ng Baptist, at ng church of Christ, at ng Jehovah Witness, ginagawa *'yun* ng lahat?"

"Ang mga hiwagang 'yan ay mahahayag sa huling araw, kapag ang pitong anghel . . . Mensahe ng ikapitong anghel, kapag siya . . . " Hindi kapag sinimulan na niyang gawin ito, kundi, "Kapag sinimulan na niyang patunugin ang kanyang Mensahe." Kita n'yo? Hindi 'yung mga taon sa paghahanda, kundi, "Kapag sinimulan na niyang patunugin ang Mensahe, ang mga hiwagang ito ay haya't mahahayag na." At heto na ang mga 'yun; hindi nalalaman ang mga 'yun, at kayo'y mga saksi roon.

167 At pagkatapos sa malaking obserbatoryong 'yun, haya't ang mundo'y walang kamalay-malay, sila'y nagugulumihanan kung anong nangyari. Sa Tucson, 'yung malalaking obserbatoryo'y kinunan nila ito dun sa itaas ng litrato; nagugulumihanan pa rin kung anong nangyari. "Ano kaya ito?" Inilalathala pa rin nila sa pahayagan, "May nakakaalam ba ng tungkol dito, kung papaano kaya ito nangyari?" Walang ulap doon sa itaas, walang hangin, walang halumigmig; tatlumpung milya ang taas sa himpapawid. Oh, grabe!

"Magkakaroon ng mga tanda sa langit sa itaas. At kapag nangyari ang mga bagay na ito, mga lindol sa iba't ibang dako, kung magkagayo'y lilitaw ang tanda sa langit, ng Anak ng tao." "Sa araw na 'yun," sa Lucas, "ihahayag ng Anak ng tao ang Kanyang Sarili muli; inihahayag, ang Kanyang Sarili." At ang sanlibutan ay magiging parang Sodoma at Gomorra. Oh, naku!

Mga kapatid, huwag kayong maging mangmang sa mga espirituwal na bagay, kita n'yo. "Saliksikin ninyo ang mga Kasulatan, sapagkat iniisip ninyo ang Walang Hanggan, na mayroon kayong Buhay na Walang Hanggan; at ang mga Iyon ang Siyang nagpapatotoo tungkol sa Salita." Ang mga Iyon ang Siyang nagpapatotoo tungkol sa Katotohanan, sa mga bagay na ginagawa ng Diyos sa oras na ito.

168 At ngayon ano na? Sila na nagtataglay ng Espiritu ng Diyos, ay naghihintay sa mga bagay na ito. At kapag nakita na nila ang mga bagay na 'yun, pinaniniwalaan nila ang mga bagay na 'yun. Sinabi ni Jesus, "Walang taong lumalapit sa Akin maliban na ilapit siya ng Aking Ama. At ang lahat ng ibinigay sa Akin ng Ama," Siya ang Salita, "lalapit sila sa Akin. Lalapit sila sa Akin."

169 Medyo naging magaspang ako ngayong umaga, kita n'yo. Sila na naghihintay sa Panginoon, ay naghihintay; at kapag naghintay nga sila, at nakita nila ang pangakong 'yun ng panahong ito, na pinatototohanan, pinapanibago nito ang kanilang pananampalataya sa Kanyang Salita. Dahil, ipinangako ng Diyos na gagawin ito, at heto Siya na ginagawa ito. Kaya naman wala nang alinlangan. Ang Diyos ay nagsasalita. Ang Kanyang Salita, unang-una, ay nagsasalita. At pagkatapos ang Espiritu na nagdadala Rito ay gagawin yaong bagay na sinabi ng Salita na gagawin Nito.

Oh, marami tayong mga panggagaya. Di tayo mauubusan ng mga 'yan sa dami, mga taong may tapat na puso na pinagpipilitang gawin ang mga bagay-bagay sa *ganitong* paraan at *ganoong* paraan, pero tingnan n'yo ang kinahinatnan. Itutukod ng mga tao ang kanilang mga kamay, at pagkatapos—pagkatapos mamamatay. Kita n'yo, pansinin.

170 Walang gawang-taong pamamaraan ng denominasyon ang uubra kailanman, na nagpapadami ng mga miyembro para sa kanilang sariling-gawang denominasyong kaban. Hindi kailanman nagkaroon ng denominasyon ang Diyos. Hindi kailanman Siya magkakaroon ng denominasyon. At ito'y isang gawang-tao na bagay.

171 At iniisip ko, sa panahong ito, dito sa lahat nating panghihikayat at naglalakihang mga krusada at mga rebaybal, hindi kaya napupuno lang natin ang kaban ng Methodist, ang kaban ng Baptist, ang kaban ng Presbyterian! Pero paano naman ang Kaban ni Cristo, ang Salita?

At kung ang Nobya'y magiging yaong Salita, kung ganoon kailangang manggaling Siya kay Cristo, bahagi ng Nobyo. Ang Nobya'y kailangang maging yaong Salita; yaong Salita na di para sa Kanyang panahon noon; kundi Salita ng panahong ito, na ipinangako Niyang matutupad sa araw na ito, na ipinadala Niya ang Kanyang Salita para hubugin ang Kanyang Nobya at

mabuo Siya. Sana po'y nakikita na natin ito! Huwag kayong kumuha ng sarili n'yong hinuha ngayon, at huwag n'yong kunin ang hinuha ng iba. Kunin n'yo ang pinagtibay na Salita rito, ang Biblia. Sinasaysay Nito.

Ipinangako ng Diyos sa Kanyang Salita kung papaano Niya pipiliin ang Kanyang Nobya sa huling araw na ito. Alam n'yo ba 'yun? Ipinangako Niya ito, kung papaano Niya ito gagawin, at 'yun ay sa pamamagitan ng orihinal Niyang plano ng pagpili kay Cristo, ng pagpili sa mga oras, pagpili sa mga panahon, kung papaanong Kanyang. . .Hindi Siya makakalingat dito, sa Kanyang Nobya, dahil bahagi Siya ng Salitang 'yun.

Hindi Niya Ito maaaring piliin sa pamamagitan ng isang denominasyon, kung papaano mismo na hindi Niya pinili si Cristo sa pamamagitan ng isang denominasyon. Nagpunta ba si Cristo sa isang denominasyon? Dumating ba Siya sa pamamagitan ng isang denominasyon? Hindi. Tinanggihan nila Siya. Buweno, 'yan ang ginawa ng denominasyon noon. Kaya naman sa pagpili Niya ng isang Nobya, maaari ba 'yun na darating Siya sa ibang paraan?

Papaano Niya dinala si Cristo rito? Sa pamamagitan ng Salita ng mga propeta. Tama ba? Papaano Niya dadalhin ang Nobya Niya rito? Sa pamamagitan ng Salita ng mga propeta.

Papaano Siya ipinakilala ng Diyos noong dumating Siya? Sa pamamagitan ng isang tao na may espiritu ni Elias sa taong ito, na lumabas mula sa ilang. Papaano Niya ipakikilala ang Kanyang Nobya? Ipinangako Niya sa Malakias 4 ang parehong bagay, bago Niya wasakin ang lupa, gaya ng nangyari sa mga araw ng Sodoma noon.

172 Alalahanin n'yo, nasunog ang Sodoma. Tama ba? Buweno, ang mundong ito ay masusunog din. Sinabi 'yun ni Jesus. At ito'y sa panahon, na, katulad ng sinabi ng ika-17 kabanata at sa ika-30 talata ng Lucas, "Sa mga araw na magiging katulad ng Sodoma at Gomorra, saka mahahayag ang Anak ng tao."

At pagkatapos ano ang mangyayari? Ayon sa Malakias, susunugin Niyang muli ang mundo, at ang matutuwid (sa Milenyum) ay lalakad sa ibabaw ng mga abo ng masasama. Tama ba? Kita n'yo?

Kaya nasa mismong panahon na tayo ng kawakasan. Narito na tayo ngayon sa may pintuan, naghihintay para sa Kanyang pagdating.

173 Pansinin, ipinangako ng Diyos sa Kanyang Salita na pipiliin Niya ang Kanyang Nobya sa pamamagitan ng orihinal Niyang kaparaanan ng pagpili Niya ng Kanyang. . .ang Nobyo. Pauna Niyang sinabi ito sa pamamagitan ng mga propeta, at nagpadala ng isang propeta para ipagkilanlan ito.

Sinabi nung propeta, na nakatayo sa pampang ng Jordan, “Narito!”

Ang sabi nung mga tao, “Ikaw ang Mesiyas, hindi ba?”

Sinabi niya, “Hindi, hindi ako ang Mesiyas.”

“Ikaw na marahil ang Mesiyas.”

174 “Pero hindi ako Siya. Pero nakatayo na Siya sa kalagitnaan n’yo. At ang Kanyang panyapak, ay hindi ako karapat-dapat na magkalag nito. Pagdating Niya, ipapakilala Niya ang Kanyang Sarili . . .”

At sa araw na ito ay nakatayo Siya sa kalagitnaan natin, sa Persona ng Espiritu Santo, na inihahayag ang Kanyang Sarili nang higit at higit pa, pumapasok sa Kanyang Iglesya, ipinakikilala ang Kanyang Sarili; dahil, Siya, at ang Nobya at ang Nobyo ay magiging isa, ipinakikilala ang Kanyang Sarili. At darating ang araw na makikita n’yo na Yaong nadama n’yo sa inyong puso, at nakita ang Kanyang pagkakakilanlan, ay magiging personal na sa harapan n’yo, na pagkatapos ay kayo at Siya ay Isa na.

Nagkaisa kayo sa pamamagitan ng Salita. At ang Salita, na nasa pasimula, ay babalik sa pasimula, at ito ang Diyos. “At sa araw na ’yun ay malalaman ninyo na Ako’y nasa Ama, ang Ama ay nasa Akin; Ako ay nasa inyo, at kayo ay nasa Akin.” Hallelujah! Narito na tayo. Hallelujah! Labis akong nagagalak na makita Siya na binibigyang katauhan ang Kanyang Sarili sa mismong kalagitnaan natin, at nakikita ang ipinangako Niya para sa Salita; hindi kung anong emosyon ng kung sino, pag-awit, at pagtalon, at pagsayaw. Kundi sa pamamagitan ng Salita Niya, amen, na ipinakikilala Niya ang Kanyang Sarili.

175 Tingnan n’yo, noong dinala nila, itinayo ang templo at ipinasok ang kaban dito, pumasok ang Diyos doon na may isang Haliging Apoy. Amen. Hayan nga noon si David na tumatalon at sumisigaw, hayan ang lahat ng mga mang-aawit at mga saserdote na ganoon ang ginagawa, noong panahon na wala sila sa kalooban ng Diyos. Pero noong ipagkilanlan ng Diyos ang kaban sa lugar at posisyon Niya, bago nila maipasok ang kaban doon, heto nga mismo ang Haliging Apoy na nangunguna sa daan; doon mismo sa ilalim ng mga pakpak ng mga kerubin, at doon mismo sa likod ng Kabanal-banalang Dako, na Kanyang dakong pahingahan; ang Haliging Apoy! At naroon ang kaluwalhatian ng Diyos, hanggang ang mga ta-. . . hindi na nila makita kung paano magministeryo. Amen.

Isasara nito ang mga mata ng bawat teologo, pagdating Niya para sa Kanyang Nobya. Siya’y kukunin paitaas sa—sa kalagitnaan ng gabi, kung paano noon, sa kanila. Ni hindi nila Siya makikitang umalis. Oh, papuri sa Diyos!

176 Pansinin, nangako ang Diyos na ilalabas Niya ang Kanyang Nobya, 'yan ang gagawin Niya. Magkakaroon ng isang Binhi. Magkakaroon ng isang Liwanag sa oras ng gabi, ganyan Niya gagawin ang lahat ng mga bagay na ito, nang eksakto, at sa pamamaraan na orihinal Niyang plinano sa Lumang Tipan at sa Bagong Tipan.

At hindi ito sa pamamagitan ng denominasyon. Hindi ito sa pamamagitan ng sistema natin na ginagamit natin sa panahong ito. Nagdudulot lang tayo ng kamatayan. Hinahayaang itukod ng mga tao ang kamay nila Rito, at kaya mamamatay dahil dito. Kita n'yo?

177 Ang Salita, ang panggabing Mensahe, ay kinakailangang magdala ng panggabing mga resulta. Kinakailangang maghasik ang panggabing Mensahe ng panggabing Binhi, hindi pang-umagang binhi. Panggabing Binhi! Tama ba? Sa pangtanghaling eksena, 'yung mga binhi nito noon, ay denominasyon; namatay ito, pumaram. Pero ang panggabing Mensahe ay magpapakita ng panggabing Liwanag, magpapakita ng panggabing mga resulta; ang panggabing Mensahe!

Sa panahon ni Jesus, ang pangtanghaling mensahe, ay nagpakita ng pangtanghaling mga resulta. Ang panimulang mensahe ay nagpakita ng mga panimulang bunga, lumikha. Nilikha Niya ang Sarili Niyang Anak sa Kanyang Sariling larawan, sa katanghalian. Sa oras ng gabi ay gagawa Siya ng isang Nobya para Rito. Kita n'yo? Sa pamamagitan ng ano? Ng Kanyang Salita.

Papaano Niya binuo ang lupa? Papaano Niya ito sinalita para lumitaw? Sa pamamagitan ng Kanyang Salita!

Sino ang Anak Niya? Ang Salita! "Sa pasimula ay ang Salita, at ang Salita ay sumasa Diyos. At nagkatawang-tao ang Salita at tumahan sa kalagitnaan."

Papaano Niya kukunin ang Kanyang Nobya? Sa pamamagitan ng Salita; hindi sa pamamagitan ng bagong karitela, hindi sa pamamagitan ng ideya ng kung sinong teologo. Kundi ayon sa Kanyang Salita ay ipakikilala Niya Siya. Huwag magdadagdag ng isang bagay Rito o mag-aalis ng isang bagay mula Rito ngayon. Hayaan n'yo Ito kung paano Ito. Kita n'yo?

178 Ang oras ng gabi, nangako Siya na maghahayag Siya, hayan nga, bubuksan ang Pitong Tatak na ito at ipapakita kung ano ang napalampas ng mga iglesya noon. Apocalipsis 10, at Malakias 4, Lucas 17:30, sinabi Niyang gagawin Niya ito. Ngayon huwag natin itong paghalu-haluin. Panatilihin natin ito nang ganoon.

179 Hayaan n'yo ako, sa pagsasara . . . Halos, mga labinlimang minuto na lang bago mag-alas dose. Hayaan n'yong isara ko ito, sa pagsasabi nito.

Mga kaibigan, makinig kayo, sa Pangalan ng Panginoong Jesus! Napakalinaw na ng mga bagay na ito para hindi n'yo Ito mapaniwalaan. Napakalinaw na Nito para hindi n'yo makita. Tiyak na makikita n'yo Ito! Tiyak na nakikita Ito ng mundo! Pero dahil sa inyong . . .

Huwag kayong magpaimpluwensya rito sa mga bagong pamukaw-pansin at mga bagay-bagay na mayroon sila ngayon; wala akong pakialam gaano man silang kabuting tao, gaano man silang kasinsero. "Kung hindi sila nagsasalita nang ayon sa kautusan at ng mga propeta," sinabi ng Biblia, "walang Buhay sa kanila." Kita n'yo?

180 Inakala ni David na tama siya. Sinsero siya. Inakala ng mga saserdoteng 'yun na tama sila. Mga sinsero sila. Pero nakaligtaan nga nila na sumangguni sa Panginoon ukol dito. At sa papaanong ibang paraan nila ginawa ito? Siguro sinabi nila, "Nanalangin na kami nang husto." Pero hindi ganoon ang paraan ng paggawa ng Diyos dito. Nangako Siyang wala Siyang gagawin hanggang sa ihayag muna Niya ito sa Kanyang mga lingkod na propeta. At nakatayo roon si Natan mismo sa kalagitnaan nila, at di man lang siya sinangguni.

181 Ngayon basahin n'yo ang mga kasunod na ilang kabanata ng Cronica roon, at malalaman n'yo. Noong maupo si David sa bahay, at nagsabi, "Tama ba," at kasama niyang nakaupo roon si Natan, "na heto ako, nakatira sa cedro, at—at ang kaban ng Diyos ay nasa ilalim ng mga tolda rito sa labas?" At nalaman ni Natan, mula sa Panginoon, kung anong dapat sabihin sa kanya na gagawin.

182 At kagagawa lang niya noon ng pagkakamali, kaya ang sabi ng Diyos, "Sabihin mo sa Aking lingkod na si David na iniibig Ko siya. Itinanyag Ko ang pangalan niya na tulad sa mga dakilang tao sa lupa, pero hindi Ko siya mapapayagang gawin ito," kita n'yo, "binigo niya Ako," kita n'yo, "Hindi Ko siya mapapayagang gawin ito. Magbubunsod Ako ng isang lalaki, na kanyang anak, na magtatayo ng magpakailanmang bahay ng Diyos." At si David ito, hayan nga. Na, si Solomon ang tumitipo rito, pero kalaunan ay nabigo siya. Mabibigo't mabibigo ang bawat tao. Bawat tao ay tiyak na mabibigo.

Ang Diyos ang tanging Isa na hindi maaaring mabigo. Hindi Siya maaaring mabigo. Isa 'yang bagay na di maaaring gawin ng Diyos, ang mabigo. At ang Diyos ay ang Salita. At ang Salita, kahit gaano pang tila darating ito rito sa ibang pamamaraan, haya't darating at darating ito nang eksakto sa paraan na sinabi ng Salita.

183 Ngayon tandaan n'yo, kailangan n'yong tumalima sa panahon, sa oras. Kita n'yo? At nasa kung anong panahon kayo, anong oras, at ibunsod na mapagtibay 'yun, para makita na ito'y ang Katotohanan mismo.

184 Ngayon kunin n'yo ang lahat ng mga kailangan na ito, ang buong Salita, ang lahat ng mga tipo, at ang mga bagay-bagay, at tingnan kung saan na kayo naroon. Pagnilay-nilayan ang oras na kinabubuhayan n'yo.

Tumingin kayo roon sa ibayo, na halos ikasampu na ng lupa ang nakaumang nang gumuho. Siyensiya na mismo ang nagsasabi. Nakatingin sila sa orasan. Ilang taon na ang nakalilipas, ang sabi, "Tatlong minuto na lang ngayon bago maghatinggabi." Baka isang minuto, baka kalahating minuto na lang ngayon.

Sinasabi-sabi nila, "Hindi ito mangyayari sa henerasyon natin."

185 "Puwede nga itong mangyari sa loob ng limang minuto." At pansinin n'yo ang kasunod na sinabi niya, "Limang taon." Hindi ako ang nagsasabi nito. Siya ang nagsasabi, 'yung siyentipiko. Kulu-kulupon sila sa paglayo mula sa California na parang mga langaw. Kita n'yo? Buweno, 'yung araw mismo na lumabas si Lot ng Sodoma, 'yun din ang araw na umulan ng apoy sa lupa.

Isa sa mga araw na ito ay kukunin ng Diyos ang ating Mensahe, at aalis na tayo rito. May mangyayari, sigurado, sa panahong 'yan, kapag umalis na ang Iglesya, ang Kanyang Katawan, ang Kanyang Nobya.

186 Ngayon nais kong basahan kayo ng isang Kasulatan, at nais kong samahan n'yo ako sa pagbasa Rito. Nais kong bumuklat kayo sa Deuteronomio 4, sa pagsasara. Sa palagay ko sapat na marahil ang mga nasabi, na nauunawaan n'yo na. Deuteronomio 4. Babasa lang ako sa dalawang dako rito.

At sa iglesyang ito, at sa mga teyp, sa mga nandiyan sa teyp, at sa mga nakakonekta sa telepono sa iba't ibang bahagi ng bansa, gusto kong pakinggan n'yo ito nang talagang maigi, at huwag n'yong ipagsawalang-bahala. Ito 'yung bagay na aking . . .

Deuteronomio, sa ika-4 na kabanata. Kukunin ko 'yung unang talata. Gusto kong basahin ang unang talata, tapos babasahin ko ang ika-25 at ika-26 na talata. Maaari n'yo itong basahing lahat pag-uwi n'yo; pero para lang, makatipid ng oras, para makalabas tayo sa oras, dahil kailangan kong makabalik uli mamayang gabi, loobin ng Panginoon. Pakinggan n'yo ang pagsasalita ng propetang ito. Kagagaling niya nito noon sa Presensya ng Diyos. Alam niya kung ano ang sinasabi niya. Pakinggan n'yo.

> *At ngayon dinggin mo, Oh Israel, ang mga palatuntunan at* sa *mga kahatulan, na aking itinuturo sa inyo, upang sundin ninyo, upang kayo'y mabuhay, at pumasok at inyong ariin ang lupain na ibinibigay*

*sa inyo ng* P*ANGINOONG* *Dios ng inyong mga magulang.* (Tumitipo 'yan sa ating Milenyum.)

*Huwag ninyong daragdagan ang salita na aking iniuutos sa inyo, ni magbabawas* kayo *nang* mula *rito,* ("Huwag kayong magdagdag ng isang bagay Rito, at huwag mag-alis ng isang bagay mula Rito. Panatilihan n'yo, sabihin n'yo lang kung ano ang sinasabi Nito!") *upang inyong maingatan ang mga utos ng* P*ANGINOON* *ninyong Dios na aking iniuutos sa inyo.*

*Nakita ng inyong mga mata ang ginawa ng* P*ANGINOON*. . .kay *Baal-peor: sapagka't lahat ng mga tao na sumunod kay Baal-peor,* ay *nilipol ng* P*ANGINOON* *mong Dios sa gitna mo.* ("Ngayon kayo'y bayan na inihiwalay na, mula sa kanila na mga denominasyon." Kita n'yo? Kita n'yo?)

*Nguni't kayong umayon sa* P*ANGINOON* *ninyong Dios,* kayo *ay nangabubuhay pa ang bawa't isa sa inyo sa araw na ito.* ("Hindi kayo namatay kasama ng inyong denominasyon. Nabubuhay kayo ngayon, at nasa Presensya ng Diyos.")

Malapit na po, huwag n'yo itong mapapalampas. Ika-25 talata, ngayon, sa pagpunta nila sa lupain, ngayon masdan n'yo ang nangyari.

At *pagka ikaw* ay *nagkaanak, at nagkaanak ang inyong mga anak, at* kayo. . .*nagluwat kayo ng malaon sa lupaing yaon, at nagpakasama kayo* ('yun ang nangyari), *at gumawa*. . .*ng* mga larawang *inanyuan* (iba pang bagay), *na kahawig ng anomang bagay, at gumawa kayo ng masama sa paningin ng* P*ANGINOON* *mong Dios, upang mungkahiin ninyo siya sa kagalitan:* (Pakinggan!)

*Ay aking tinatawag ang* mga langit *at ang lupa upang sumaksi laban sa inyo sa araw na ito,* kita n'yo, *na* kayo'y *malilipol na madali na walang pagsala sa lupain,* o sa dako, na inyong *tinutungo ng pagdadaan sa Jordan upang ariin; hindi ninyo mapatatagal doon ang inyong mga araw, kundi* kayo'y *lubos na malilipol.*

187 Ito si Moises na nagsasalita sa Israel, pagkatapos na patotohanan siya ng Diyos, sa pamamagitan ng isang Haliging Apoy, at nalaman niya na pinatunayan siya na lingkod ng Diyos para pangunahan sila sa kanilang paglabas. At bago sila dumako sa lupain, bago sila pumasok, sinabi ni Moises, "Ngayon, ang mga salitang sinalita ko sa inyo, tinatawag ko ang langit at lupa para sumaksi laban sa inyo. Kung magdaragdag kayo ng isang bagay Rito, o babawasan Ito ng isang Salita, hindi kayo mananatili sa lupaing ibibigay ng Panginoong Diyos."

Yan din ang sinasabi ko, sa Pangalan ni Jesus Cristo: huwag kayong magdaragdag ng isang bagay, huwag mag-aalis, na maglalagay ng sarili n'yong hinuha Rito, sabihin lamang n'yo kung ano ang sinabi sa mga teyp na 'yan, gawin n'yo lamang nang eksakto kung ano ang iniutos ng Panginoong Diyos na gawin; huwag kayong magdaragdag Dito!

188 Kailanman Siya, tinutupad Niya ang Kanyang pangako sa atin. Bawat pangakong ipinangako Niya, tinupad Niya ito. Sinabi na ba Niya sa inyo ang mangyayari, at nangyari nga ba? Dinadala ko ang kalangitan at lupa sa harap n'yo sa araw na ito, sa isang hamon: May sinabi na ba ang Diyos na anuman na hindi Niya tinupad at ginawa nang eksakto kung ano ang sinabi Niyang gagawin Niya para sa atin? Hindi ba't ginawa Niya ito nang sadyang sa paraan na sinabi Niyang gagawin Niya ito? Ganoon nga mismo. Gayundin na ipagpapatuloy Niyang gawin ito. Huwag na huwag kayong magdaragdag Dito. Huwag na huwag mag-aalis Dito. Sampalatayanan lamang ninyo Ito at lumakad nang may pagpapakumbaba sa harapan ng Panginoon n'yong Diyos, dahil papalapit na tayo sa pagpasok sa Lupain.

Pagkatapos, hindi na kayo babalik, hindi na kayo babalik sa ganitong uri ng buhay muli. Babalik kayo bilang isang nilalang na walang kamatayan. Babaguhin kayo, kapag wala na ang kasalanan, kapag ginapos na si Satanas, at sa loob ng isang libong taon ay mabubuhay kayo sa lupang ito na ibinigay ng Panginoon n'yong Diyos sa inyo. "Sapagkat mamanahin ng maaamo ang lupa." "Mapalad ang gumagawa ng lahat ng Kanyang mga utos, upang siya ay magkaroon ng karapatan na pumasok sa Bayan." "Sapagkat nasa labas ang mga mangkukulam, mga sinungaling, mga mapakiapid, at mga aso. Hindi sila makakapasok doon." Anupa't para lang sa mga Tinubos ang mga ito, at sa kanila na mga lumalakad sa Kanyang mga kautusan.

189 Huwag kayong kumuha ng kung anong bagong bagay. Naglipana ang mga 'yan sa lahat ng dako, at mas marami pa ang darating. Pero huwag na huwag n'yong kukunin ang mga bagong bagay na ito.

Ipinahayag ng Panginoon n'yong Diyos sa inyo kung ano ang Katotohanan. Pinagtibay ng Panginoon n'yong Diyos kung ano ang Katotohanan, sa pamamagitan ng Kanyang Salita at ng Kanyang Espiritu. "Hindi sa pamamagitan ng kapangyarihan, hindi sa pamamagitan ng kalakasan, kundi sa pamamagitan ng Aking Espiritu." At, ang Espiritu, "Hinahanap ng Diyos ang mga sumasamba sa Kanya sa Espiritu at Katotohanan." "Ang Iyong Salita ay Katotohanan." At lubusan Niyang pinapatotohanan na si Jesus Cristo ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. Ipinakita na Niya ang mga panggabing Binhi sa inyo. Inihayag Niya ito sa inyo sa Salita. Pinatunayan na Niya Ito sa inyo, sa pamamagitan ng Kanyang Espiritu.

190 Huwag na huwag kayong magpapasimula o susubok man ng isang organisasyon. Huwag kayong magtatangka na magtayo sa ibabaw ng anumang bagay na iba.

Kundi manatili kayo na mapagpakumbaba sa harapan ng Panginoon n'yong Diyos, dahil mukhang malapit nang bumukas ang mga pintuan papasok sa Lupang pangako. Pagkatapos pumasok na tayo nang may tunay na pag-aawitan at pagdidiwang, kapag ang Nobya at Nobyo ay dumako na sa may Luklukan.

191 Mamuhay kayo nang may pagpapakumbaba. Mamuhay nang may pag-ibig. Mahalin n'yo ang isa't isa. Huwag kayong magkakaroon ng anumang hidwaan sa pagitan n'yo. Kung makakita kayo ng isang bagay na umuusbong sa puso n'yo na laban sa isang tao, iwaksi n'yo ito sa oras ding 'yun. Huwag n'yong hayaang . . .

At gagawin talaga ni Satanas ang makakaya niya para makadako sa kalagitnaan n'yo. Kita n'yo? Huwag n'yong hahayaan 'yun na mangyari. Marahil may mapandayang dila ang makikihalubilo sa inyo at tatangkain kayong mailayo mula Rito. Sa tingin n'yo ba kaya nilang hikayatin si Moises na lumayo sa Presensya ng Diyos, gayon tumayo na siya mismo roon at nasaksihan na Ito? Hindi, po. Hindi. Hindi natin Ito binabawasan o dinadagdagan man Ito. Panatilihin n'yo lang Ito sa paraan mismo na sinabi ng Panginoon. Ayaw natin ng denominasyon. Ayaw natin ng organisasyon. Ayaw natin ng masamang hangarin. Ayaw natin ng away. Ang gusto natin ay ang Diyos, at Siya ang Salita.

Ngayon po'y iyuko na natin ang ating ulo.

192 Oh Diyos, tumitingin ako sa paligid gamit ang espirituwal na mata, sinisikap kong tingnan kung ano ang nangyayari. Nakikita ko ang Iyong Salita, sa paraan na Ito'y pinagtibay, sa paraan na Ito'y pinatunayan; mula pa noong tatlumpu't tatlong taon na ang nakalilipas, dito sa ilog, kung ano ang sinabi Mo. At heto na po, lumipas na ang tatlumpu't tatlong taon, at sadyang ginagawa Mo po kung ano mismo ang sinabi Mo. At sadyang ginawa Mo mismo ang bagay na sinabi Mo. Panginoon, huwag nawang mangyari na tatangkain namin na mas paliitin Ito o tatangkain na mas palakihin Ito; panatilihin lamang namin Ito kung paano Mo Ito ginawa, na lalakad lamang kami nang may pagpapakumbaba at susunod sa Iyo.

193 Ito sila, Panginoon, na Iyong ibinigay sa ministeryo, maliban sa lahat pa ng mga natutulog sa buong bansa, sa buong mundo. Ang mga sementeryo rito'y hawak ang marami sa mga naghihintay, na mga pinagpalang banal. Pero ito'y gaya nga ng sinabi rito, "Tayong nangabubuhay na nangatitira ay hindi mauuna sa anumang paraan sa mga nangatutulog. Tutunog ang trumpeta, ang mga patay ay unang babangon; pagkatapos tayo'y

aagawing kasama nila." Kapag ang kaluwalhatian ng Diyos ay nasa ibabaw na ng lupa, ikukubli nito ang Iglesya palayo sa mundo. Ni hindi Ito makikita ng sanlibutan kapag umalis na Ito.

194 Diyos Ama, panatilihin Mo ang mga ito sa Iyong mga kamay. Sila'y sa Iyo. Dalangin ko, Diyos, na nawa'y lagi kaming lumakad nang may pagpapakumbaba sa harapan Mo. Hindi namin alam kung gaano pa katagal. Hindi namin pasya na malaman kung gaano pa katagal; hindi po kami ang may hawak dun. Ikaw po ang may hawak dun. Hindi namin pasya na malaman kung kailan Ka darating. Ang pasya namin, Panginoon, ay manatiling mapagpakumbaba hanggang sa Ikaw ay dumating, at lumakad kasama Mo. Inaasam namin para sa Iyo na ipagkilanlan ang Iyong Sarili, paminsan-minsan, Ama, sa kalagitnaan namin, para makita namin na nakakalakad pa rin kami kasama Mo.

195 Patawarin Mo po kami sa aming mga nakaraang kasalanan. Patnubayan Mo po kami at ingatan kami sa bawat patibong ng diyablo, sa hinaharap. Akayin Mo po kami at patnubayan kami, Oh Diyos na aming Ama. Patawarin Mo po ang aming mga pagkakasala't tulungan kami na maging mga anak Mo. Kami'y uring maralita po. Itinakwil kami, ng mga lipunan ng mundong ito, ng mga denominasyon ng mga simbahan.

Nakikita namin ang wakas. At nagpapasalamat kami sa Iyo dahil sa espirituwal na paningin sa Iyong Salita, para makita ang wakas, sapagkat ang lahat ng mga bagay na ito'y kailangang tumugaygay roon sa kakila-kilabot na pamamato mula sa Langit. Tulungan Mo po kami, Panginoon, na wala na kami rito sa araw na 'yan, bagkus nakadako na sa Iyong Presensya, lumipad na papunta sa Iyong sinapupunan.

196 Pagalingin Mo po ang mga maysakit at ang mga nagdadalamhati, Panginoon. Dalangin namin na bigyan Mo kami ng isang magandang gawain, wala nawang tao na nanghihina sa kalagitnaan namin, dahil sa Presensya Mo, Panginoon. Patuloy nawang matuon ang mga puso namin sa Iyo. At batid namin, Panginoon, na ang salapi, ari-arian, mga bagay ng mundo ay walang kabuluhan, pawang pansamantala lamang. Ang lahat ng mga ito'y mawawala't mawawala. Ang mga trabaho namin, ang mga dinadakuan namin, ang mga kaibigan namin, ang lahat nga'y mawawala't mawawala mismo. Kahit gaano pang kayaman, gaano mang kahirap, gaano man kaming kasikat o hindi sikat, mawawala't mawawala ito. Pero may isang bagay lang na doon nakasentro ang pagparito namin, at 'yun si Jesus Cristo. Kaya, Diyos, maibunsod nawa na maisantabi namin ang lahat ng mga bagay na maging pangalawa, at manghawakan kami sa Kanya. At Siya ang Salita. Ipagkaloob Mo po ito, Panginoon.

197 Ang pinagtibay na Salita ng panahon! Ang pinagtibay na

Salita noong panahon ni Moises ay si Jesus. Ang pinagtibay na Salita noong panahon nina Isaias, Elias, Juan, ng lahat, ay si Jesus. Ang pinagtibay na Salita ngayon ay si Jesus, na siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. Tulungan Mo po kami, Panginoon, na sampalatayanan 'yun, makita 'yun, at lumakad dito. Kami'y—kami'y humihiling sa Pangalan ni Jesus.

198 Habang nakayuko ang ating mga ulo, iniisip ko kung mayroon kayang ilan dito na hindi pa kailanman tunay na nagagawa 'yung dakilang, buong kasapatan. . . Pinaniniwalaan mo Ito, pero ang paniwalaan lang Ito'y hindi sapat.

Naniniwala akong isang mabuting babae ang maybahay ko. Kilala ko ang tatay niya, nanay niya. Kilala ko siya nang maraming-maraming taon. Lumakad siya nang matuwid na buhay. Naniniwala akong isa siyang mabuting babae, pero hindi nun siya pinaging akin. Hindi siya naging akin hanggang sa, siya, tinanggap ko siya, tinanggap niya ako.

Ngayon gusto kang tanggapin ni Jesus. Maaari mo ba Siyang tanggapin at maging bahagi ng Kanyang Salita? Kung hindi mo pa 'yun nagagawa, sige't habang nakayuko ang inyong mga ulo at nakayuko ang inyong mga puso, umaasa akong. . .

199 Walang espasyo rito para magtawag ng pagdulog sa altar. Hindi rin ako masyado dun, siyanga. Naniniwala akong dinadalaw kayo ng Diyos diyan mismo sa kung nasaan kayo ngayon mismo. Maaari n'yo bang itaas ang inyong mga kamay, sabihin, "Kapatid na Branham, alalahanin mo ako sa panalangin. Nais kong gawin 'yan"? Pagpalain kayo ng Diyos. "Ako. . ." Pagpalain kayo ng Diyos. Hayan nga, mga kamay sa lahat ng dako! "Nais kong maging tulad nun." Pagpalain ka ng Diyos, kapatid na lalaki. Pagpalain ka ng Diyos, kapatid na lalaki; lahat kayo, sa paligid. "Nais kong maging ganoon." Pagpalain kayo ng Diyos. . . "Talagang nais kong maging ganoon. Nakikita ko—nakikita ko ito."

Buweno, ngayon, tingnan mo, kaibigan, maaaring may isang munting bagay. . . Kung hindi ka pa ganoon, kung ganoon may ibang bagay na doon ka nakasentro maliban dun. Napakalapit mo na rito, tinititigan mo na ito mismo. Nakikita mo na ito. Nakikita mo ito sa loob ng maraming taon, sa pagtugaygay. Nakikita mo na ito na papunta na sa tamang gulang ngayon. Kung 'yun ang lahat-lahat sa atin, anupa't wala nang iba pa ang magtatagal kundi Yun, bakit hindi mo ibaling na mismo ang iyong ulo mula riyan sa bagay na tinitingnan mo at isentro ang iyong sarili sa Kanya? Na, ang sentro ng lahat sa buhay, ng lahat sa kabilang-buhay, ay Siya. Maaari mo bang gawin na ito, habang nananalangin tayo nang sama-sama?

200 Minamahal na Diyos, habang ang mga kamay ng mga kalalakihan, kababaihan, mga kabataang lalaki, kabataang babae, maging ng mga ministro, ay haya't nakataas ang kanilang

mga kamay. Nais nila—nais nila na—na sabihin na gusto nilang maisentro mismo sa Panginoong Jesus, at sa kabila nun ay tila ba nahihirapan silang gawin ito. May humahatak sa kanila papunta sa gawi *rito*, papunta sa gawi *roon*. Marahil isa itong denominasyon, marahil isa itong tao, marahil isa itong kasalanan, marahil isa itong bagay na itinatago nila sa kanilang puso. Hindi ko alam, Panginoon. Ikaw po ang nakaaalam. Kung ano man ito, nawa ngayon din, Panginoon, habang tinatawag Mo ang iba... Tinawag Mo na sila. Sila'y sa Iyo na.

At habang tinatawag Mo sila, makawala nawa sila roon, doon sa pumipigil na kasalanang 'yun, katulad ng sinabi ng Biblia. "Lumayo sa kasalanang 'yun na madaling pumipigil sa atin, para takbuhin natin nang may pagtitiis ang takbuhin na inilagay sa harapan natin, na nakatuon (sa ano? sa trabaho ba natin? sa denominasyon ba natin? sa kinaaaniban ba natin? sa mga konse-konseho ba?) kay Cristo na siyang Gumawa at Sumakdal ng pananampalatayang mayroon tayo sa Kanya." Gawin Mo po 'yun, Ama, para sa amin ngayon, sapagkat hinihiling namin ito sa Kanyang Pangalan at para sa Kanyang kaluwalhatian.

201 Ngayon sila'y sa Iyo, Panginoon. Gawin Mo po sa kanila ang nakikita Mong nararapat. Gawin Mo po sa amin ang nakikita Mong nararapat. Kami'y sa Iyo. Sa Pangalan ni Jesus. Amen.

> I love Him, I love Him
> Because He first loved me
> And purchased my salvation
> On Calvary's tree.

202 Nakalimutan n'yo na ba ang tungkol sa tanghalian? Nakalimutan n'yo na ba kung ayos lang kaya ang mga bata, doon sa kotse, o hindi? Nakalimutan n'yo na ba ang lahat ng tungkol sa nakaraan, at napagtanto kung ano 'yung nararamdaman n'yo sa mga sandaling ito ngayon? Natutupad ito sa harapan n'yo, araw-araw. Kita n'yo? Ibunsod n'yo na 'yun ang maging sentro ng anumang bagay. Hayaan n'yong lumipas ang iba pang mga bagay; maglalaho't maglalaho din naman ang mga 'yan, ano't anuman.

Oh, patuloy lang kayo na sumunod sa Kanya! Kita n'yo? Gaya ng pagsunod ni Eliseo kay Elias, haya't sumunod tayo sa Kanya. Dahil dadalhin at dadalhin tayo sa itaas, din, balang araw. Nakita natin ang karwaheng Apoy na humango sa Kanya mula sa libingan. Nararamdaman natin Ito sa kalagitnaan natin ngayon. Balang araw ay kakalagan Niya ang mga kabayo mula sa mga palumpong. Aahon tayo. Hindi nga ba't iniibig n'yo Siya?

> And purchased my salvation
> On Calvary's tree.

Oh, hindi ba't kung ipipikit n'yo ang inyong mga mata'y para bang nakikinita n'yo Siya na nakabayubay roon?

I love Him, (Sino pa ba ang maiibig ko?) I love Him
Because He first loved me
And purchased my salvation
On Calvary's tree.

203 Sa tuwing umuuwi ako, may yumayao. Aalis ako nang ilang buwan, pagbalik ko, may yumao na. Nalulungkot ako sa tuwing dumarating ako.

Noong isang araw, may lalaki na nakasama ko noon sa paaralan, nakasalubong ko siya sa kalye, sabi niya, "Kumusta, Billy."

204 Tiningnan ko siya, dati isa siyang magandang lalaki, maitim na maitim at makintab ang buhok na maayos ang pagkakasuklay; ngayon kasing puti na ng niyebe. Dati napakatikas niya; ngayon nakausli na ang tiyan nang *paganito*. Sabi ko, "Kumusta, Jim." Tiningnan ko siya.

Nadama ko sa puso ko, sa isip-isip ko, "Diyos, ang binatang 'yun at ako, ang lalaking 'yun at ako, magkaedad kami."

Sa puntong 'yun, napagtanto ko na bilang na ang mga araw ko. Alam kong hindi na magtatagal pa. Nagpalinga-linga ako, at napaisip, "Ano kayang maaari kong gawin, Panginoon? Tulungan Mo po ako. Ayaw ko pong pangunahan Ka. Gusto kong manatili mismo—mismo sa likuran Mo. Ikaw po ang manguna sa daan." Tumingin ako, at sa isip-isip ko, "Limampu't anim na taong gulang na, oh, naku, di na magtatagal pa!"

205 At tumingin ako sa ibaba, nakita ko ang mabuti kong kaibigan na si Bill Dauch na nakaupo roon, pitumpu't dalawa o pitumpu't tatlong taong gulang. Tumitingin ako sa paligid, nakikita ko ang mga kabataang ito, iniisip nila, "Buweno, hihintayin ko hanggang sa maging kasing tanda ko na si Kapatid na Branham, saka ko pag-iisipan 'yan." Iho, baka hindi mo na abutan 'yun. Di ako sigurado kung aabot ka pa roon. Kita n'yo? Pero, isipin n'yo na lang, kung mabubuhay si Kapatid na Bill Dauch sa araw na ito, malalampasan niya ang daan-daang kabataan na labinlima-, labing-anim na taong gulang. Oras-oras nangangamatay sila.

Kaya ano ang kaibhan kung anong edad mo! Ano bang ginagawa mo tungkol sa oras na kinabubuhayan mo? Ano ba ang ginagawa mo para kay Jesus sa oras na ito? Kita n'yo? Oh, gusto ko Siyang makita. Gusto kong makita ang oras na titingin ako't makikita ko ang lahat ng matatandang katawan na ito na mababago, makikita ang mga ito na "mababago sa isang iglap, sa isang kisap." Kung hindi ganoon, hayan nga na tayo na ang pinakamangmang na mga tao; kumain, uminom, at magpakasaya, dahil bukas ay mamamatay rin naman; kita n'yo, magmimistula kayong isang hayop, mamamatay kayo at mapupunta sa lupa at hanggang doon na lang. Pero may

mortal...imortal na kaluluwa na nabubuhay sa kaibuturan n'yo, kapatid. Narinig na natin mula sa Langit. Nakita na natin itong pinatunayan. Alam natin na Siya nga, at isang tagapagbigay-gantimpala sa mga masigasig na humahanap sa Kanya.

Ngayon, mga miyembro ng Katawan ni Cristo, habang inaawit natin 'yun muli, gusto kong maupo lang kayo sa inyong mga upuan, at kamayan ang isa't isa habang inaawit natin 'yun muli.

> I...

Batiin mo lang ang kapatid mong lalaki, kapatid na babae.

> I love Him
> Because...(Richard!)...me
> And purchased my salvation
> On Calvary's tree.

206 Iniibig n'yo ba Siya? Sabihin n'yo, "Amen." [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Iniibig n'yo ba ang Salita Niya? Sabihin n'yo, "Amen." ["Amen!"] Iniibig n'yo ba ang Kanyang layunin? Sabihin n'yo, "Amen." ["Amen!"] Iniibig n'yo ba ang Kanyang Katawan? Sabihin n'yo, "Amen!" ["Amen."] Kung ganoon, ibigin n'yo ang isa't isa. Amen! Siyanga. "Sa pamamagitan nito makikilala ng lahat ng mga tao na kayo'y Aking mga alagad, kung kayo'y may pag-iibigan sa isa't isa."

Ngayon ipinatong ko na ang mga kamay ko sa mga panyong ito, sige't kung kailangan n'yo nang kunin ang mga ito bago gumabi.

207 Papupuntahin ko si Kapatid na Richard Blair...Tinugon ng Diyos ang panalangin niya, siya at ang kapatid dito, na nanalangin noong isang araw, para maipanumbalik ang munting batang lalaking ito na nakaupo sa piling natin ngayon, na buhay, dahil sa pananampalataya nila sa Diyos. Ngayon tatawagin ko lang siya para isara ang gawain sa isang pagdulog na panalangin, pansumandali, para makabalik uli tayo mamayang gabi.

Maglilimang minuto na makalipas ang alas dose, sa orasan. At gusto kong bumalik kayo mamayang gabi, kung magagawa n'yo, kung nasa malapit lang kayo. Kung kailangan n'yong lumuwas para umuwi, patnubayan nawa kayo ng Diyos sa inyong daan, at lingapin kayo, at ingatan kayo. Kung makakapanatili kayo, at gusto n'yong manatili, maaari kayong manatili. Sumainyo ang Diyos ngayon.

> Till we meet! till we meet!
> Till...

Itaas natin ang mga kamay natin sa Kanya.

> ...meet at Jesus' feet;
> Till we meet! till we meet!
> God be with you till we meet again.

[Inihihiging ni Kapatid na Branham ang *God Be With You*—Pat.] Napakainam n'yan habang lumalabas tayo sa bahay ng Diyos, nananalangin, nagpapakumbaba, umaasang magkikita-kita tayong muli mamayang gabi. Kung hindi, "Sumainyo ang Diyos hanggang sa magkita-kita tayong muli!"

Iyuko natin ang ating mga ulo ngayon. Kapatid na Blair.

65-0718M Pagsisikap Na Gumawa Ng Paglilingkod Sa Diyos Nang Wala Sa Kalooban Ng Diyos

Branham Tabernacle

Jeffersonville, Indiana U.S.A.

TAGALOG

©2024 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org

Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS

P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.

www.branham.org